**U.S. Department of Justice**
Immigration and Naturalization Service

OMB No. 1115-0009

# Isang "Guide" para sa Naturalisasyon



Form M-476-TG
(12/00)

NOTE: This document is certified by a contractor to be a true and accurate translation of *A Guide to Naturalization* into the Tagalog language. However, because the English document contains legal and technical terms, some concepts may not have exactly the same meaning in Tagalog. Therefore, you should read this document for general information only.

For specific questions about your eligibility, or naturalization laws, regulations, or procedures, please read the English version of *A Guide to Naturalization*, or the most current versions of the Immigration and Nationality Act and Title 8 of the Code of Federal Regulations. You may also wish to contact an immigration assistance organization or attorney.

[Tagalog language Correction Sheet for *A Guide to Naturalization*, M-476-TG]

# *Isang "Guide" para sa Naturalisasyon*: BABALA NG MGA PAGWAWASTO

**Babala**: Nagkaroon ng mga pagbabago sa ilang kabatiran na nilimbag sa edisyon ng Disyembre 2000 ng *Ang Patnubay sa Naturalisasyon*. Iyaong mga pagbabago ay naipapakita sa kabatirang ibaba. Ingatan lamang ang pagbabasa nito. Ang mga bagong katotohanan sa ilang mga pangyayari lamang ay makadadagdag sa kabatiran na pinagmulaang *Patnubay*, ngunit sa ibang mga pangyayari lamang, maaaring palitan iyaong kabatiran.

Bawat Pagwawasto sa ibaba ay nagtuturo ng lugar sa pinagmulaang *Patnubay* o sa kanilang inaalayang impormasyon ukol sa mga pagpapalit.

## MGA PAGWWASTO sa *Isang "Guide" para sa Naturalisasyon* (M-476-TG)

Sa **pahina 6**, Kadalasang Hinihiling na Tanong (FAQ) bilang **3** ay nagbago na babasahing sumusunod:

**3. Paano ako magiging mamamayang natusalisado?**

Kung kayo'y hindi mamamayan ng U.S. sa pamamagitan ng pagkapanganak o hindi nakakamit ng pagiging pagkatapos pinanganak, mayroon pa rin kayong karapatang maging mamamayan sa pamamagitan ng pamamaraang normal ng naturalisasyon. Mga taong may l8 taon o higit na nakatatanda, gamitin ang "Paghiling para sa Naturalisasyon" (Porma N-400) upang maging naturalisado. Sinuman ang nakakuha ng pagiging mamamayan galing sa (mga) magulang habang kulang sa l8 taong gulang, gamitin ang "Paghiling para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Porma N-600) upang maidokumento ang kanilang naturalisasyon. Mga batang ampon na nakakuha ng pagka-mamamayan na galing sa (mga) magulang, gamitin ang "Paghiling ng Sertipikado ng Pagka-mamamayan sa Panig ng Batang Ampon" (Porma N-643) upang maidokumento ang kanilang naturalisasyon. Maaaring tawagan ang Serbisyo ng Imigrasyon at Naturalisasyon (INS) Linya ng mga Porma sa l (800) 870-3676 upang himiling ng Porma N-400, N-600 o N-643; o maaari niyong idownload ang kahit na ano ritong mga porma na galing sa Internet sa http://www.ins.usdoj.gov.

Sa mga **pahina l3 hanggang l5**, kadalasang hiling na tanong (FAQ) mga bilang **25** at **26** ay nagbago sa pagbasa na sumusunod:

**25. Kung ako'y mamamayan ng U.S., ang akin bang anak ay mamamayan ng U.S.?**

Ang batang ipinanganak sa Estados Unidos, o pinanganak sa ibang bansa na galing sa isang mamamayang U.S. na tumira sa (o nanggaling sa) Estados Unidos sa oras ng panahon na bago pinanganak ang bata, ay tinuturing mamamayan ng U.S. sa panganganak.

Ang batang may:

- isinilang sa isang mamamayan ng U.S. na hindi nanirahan o nakarating sa Estados Unidos sa oras ng panahon bago pinanganak ang bata, o

# *Isang "Guide" para sa Naturalisasyon*: BABALA NG MGA PAGWAWASTO

- isinilang sa isang magulang na mamamayan ng U.S. o isang magulang dayuhan o dalawang magulang dayuhan na naging naturalisado pagkatapos ipinanganak ang bata, o
- ampon at laging naninirahan sa Estados Unidos

maaaring maging mamamayan ng U.S. sa aksiyon ng batas sa araw, sa aling mga sumusunod na kinakailangang mapangkap:

- Ang bata'y natanggap, ayon sa batas, na mananatiling residente*, at
- Isa sa mga magulang ay mamamayan ng Estados Unidos sa panganganak o naturalisasyon**; at
- Ang bata'y kulang pa sa l8 taong gulang; at
- Ang bata'y hindi pa kasal, at
- Ang bata'y tunay na anak ng mga magulang o kinikilalang tunay ng magulang bago ng l6th na kaarawan ng bata (Mga batang ampon o anak sa labas na hindi makakukuha ng pagka-mamamayang U.S. sa pamamagitan ng kanilang mga magulang.); at
- Kung ampon, ang bata'y nakakuha ng kinakailangan ng seksiyon l0l(b)(l)(E) o (F) at nakabuo ng pagaampon;
- Ang bata'y naninirahan sa Estados Unidos na nasa pagbabantay, ayon sa batas, ng magulang na Mamamayan ng U.S. (kalakip dito ang pagbabantay ng kapuwa magulang); at
- Ang bata'y naninirahan sa Estados Unidos na hawak ng pag-aalaga ng magulang na mamamayan ng U.S.

Kung kayo o ang inyong anak ay nakakuha ng kinakailangan, maaaring makakuha ng pasaporteng U.S. para sa bata upang ipatunayan ang pamamayan. Kung ang bata'y nangangailangan ng higit pang patunayan, maaaring ibigay ang "Paghiling ng Sertipikado ng Pagkamamamayan" (Porma N-600) sa INS sa paghiling ng Sertipikado ng Mamamayan. Kung ang bata'y nakakuha na ng mga kinakailangan ng seksiyon l0l(b)(l) ng Yugto ng Imigrasyon at Kabansahan kabilang na batang ampon, maaaring humiling ng "Paghiling ng Sertipikado ng Pamamamayan sa Panig ng Batang Ampon" (Porma N-643). (Palatandaan: ang batang nakakuha ng mga kinakailangan bago ng l8 taong kaarawan ay makakukuha ng pasaporte o Sertipikado ng Pamamamayan sa ano mang oras, kahit na siya'y l8 taong gulang.)

*PALATANDAAN - Mga batang nagdayuhan ayon sa kategoriang "IR-3" o "IR-4" kinakailangang mayroon ng kahilingang pandayuhan na nakatipon para sa kanilang panig bago ng kanilang l6th kaarawan, tingnan ang mga sagot sa Tanong 26 sa ibaba. Lahat ang mga ampon para sa mga iba't-ibang uring benepisyong pandayuhan, kabilang ang naturalisasyon, ay kailangang mabuo pagsapit ng l6th kaarawan ng bata, nqunit may isang bagay na hindi napapaloob dito: Ang batang ampon habang wala pang l8 taon sa kaparehong magulang na umampon ng kapatid na tunay na nakakuha ng karaniwang kinakailangan.

**PALATANDAAN - ang "isang mamamayang U.S. na magulang" tuntunin ay nasasa-isa lugar lamang naunang nakadaos ng mga kinakailangan para sa automatikong pamamayan (iba pa sa pinanganak sa ibang bansa) sa o bago ng ika-27 ng Pebrero, 200l, lahat ang mga magulang ng

bata'y kailangang pamamayan ng Estados Unidos sa pagkapanganak o sa naturalisasyon -- parehong magulang, kung ang bata'y may dalawang mga magulang; nananatiling buhay na magulang kung ang isang magulang ay patay na; ang magulang na may legal na pagaalaga kung ang mga magulang ay diborsiyado o hiwalay na legal; o ang ina lamang kung ang bata'y pinanganak sa labas at ang ama ng bata'y napasiyang lehitimo.

**26. Kung ako'y mamamayan ng U.S., ngunit ang aking anak ay hindi nakakuha ng mga kinakailangan ayon sa listahang nasa ibabao, maaari pa kaya akong makahiling ng pamamayan ng aking anak?**

Ang batang karaniwang naninirahan SA Estados Unidos ay maaaring maging mamamayan ng Estados Unidos lamang kung makakukuha ng kinakailangang nakalista sa mga sagot ng Tanong 25 sa itaas. Kung ang bata'y karaniwang naninirahan SA estados Unidos at hindi permanenteng naninirahan ayon sa batas, siya'y di makakukuha ng automatikong pamamayan hanggang sa mabigyan siya ng paninirahang permanente, ayon sa batas. Kung ang bata'y tinanggap na naninirahang permanente ayon sa batas kinulang ng katangian ng pamamayan, tustos sa batas, maaari siyang humiling ng naturalisasyon pagkatapos ng l8 taong gulang sa pamamagitan ng pagaayos ng N-400, maglaan lang na siya'y makatupad ng 5 taon na paninirahang permanente at legal.

Ang mamamayan ng U.S. ay maaaring humiling ng pamamayan para sa kanilang mga anak ayon sa panganganak o pagampon na AYAW manirahang karaniwan sa Estados Unidos, kung lahat ng mga sumusunod ay kinakailangang mahangkop:

- Ang bata'y hindi pa l8 taong gulang;
- Ang bata'y hindi kasal;
- Ang bata'y karaniwang naninirahan sa labas ng Estados Unidos;
- Ang bata'y temporaryong nasa Estados Unidos na hawak ng pagaalaga ng magulang na narito sa pamamagitan ng maayos na batas at nagpapatuloy ayon sa mabuting katayuan;
- Ang bata'y nasa pagbabantay, pisiko at legal, sa magulang na mamamayan ng U.S.
- Ang bata'y anak na lehitimo ng mamamayang U.S. o nilehitimo bago ng l6th kaarawan (mga batang panguman o mga batang pinanganak sa labas na di lehitimo bago ng kanilang l6th kaarawan ay hindi dapat para sa pamamaraang ito;
- Kung ampon, ang bata'y makakukuha ng ganitong mga kinakilangan ng seksiyon l0l(b)(l)(E) o (F) at naisabuo at pinal ang pagampon; at
- Isa sa mga sumusunod ay katotohanan:
    - Ang mamamayang magulang ay natirang 5 taon sa Estados Unidos, at ang 2 man lang ay pagkatapos ng l4th kaarawan ng mamamayang magulang, o
    - Kung ang mamamayang magulang ng bata'y hindi naninirahan sa Estados Unidos ng 5 taon man lang, 2 ay pagkatapos ng l4th kaarawan ng magulang, ang mamamayang magulang ay gayon ding may magulang (ang mga lolo at lola ng bata) na:
        - mamamayan rin ng Estados Unidos; at
        - nanirahan sa Estados Unidos ng 5 taon, 2 man lang ay pagkatapos ng l4th kaarawan ng mamamayang lolo at lola; at

# *Isang "Guide" para sa Naturalisasyon*: BABALA NG MGA PAGWAWASTO

- buhay pa noong panahon na tiyak na legal ng paghiling at pagkakuha ng Panunumpa.

Kung ang ipinauubayang katayuan ay natanggap, ang magulang mamamayan ay maaaring humiling ng sertipikong pamamayan sa panig ng batang ilehitimo gumamit ng "Paghiling para aa Sertipikado ng Pamamayan" (Porma N-600), o, sa kaso ng batang ilehitimo ang "Paghiling ng Sertipiko ng Pamamayan sa Panig ng Batang Ampon" (Porma N-643). Kung ang mamamayang magulang ay umaasa sa pagdadalo ng pisikal ng lolo at lola sa Estados Unidos, ang mamamayang magulang kailangan rin magbigay ng Porma N-643, Suplemento A. Kapuwang mamamayang magulang at ang bata'y kinakailangang humarap sa pakikipagpanayan ng opisyal ng INS sa Estados Unidos. Ang bata'y dapat maisalubong ang LAHAT ng mga kinakailangang kondisyon sa panahon ng pagtatanggap ng Panunumpa ng Katapatan (Palatandaan: ang Panunumpa ay maaaring iwasan kung ang bata'y napakabata upang makaintindihan ito).

Sa **pahina 20**, sa unang hanay ng tabulasyon, ang huling sangkap ay napalitan na mababasang sumusunod:

> AT
> Ang mamamayang asawa ay nagtratrabaho sa ibang bansa sa kontrata ng empleong may katangiang natanggap para sa taon man lang at ipatutuloy ang empleo hanggang panahon ng inyong naturalisasyon.

Sa **pahina 27**, kaagad na bago ang seksiyon nangangalang **"Paano ako makahahanda para sa iksamen?",** mayroon bagong talataan:

> *Mga Bigay-loob para sa Napinsala* - Alinsunod sa seksiyon 504 ng Pasiya ng Reabilitasyon, ang INS ay naglalaan ng mga bigay-loob o pagbabago para sa mga humihiling na may sakit, pisiko o mental, na ikahihirap nilang maibuo ang prosesong pangnaturalisasyon. Upang magkaroon ng sapat na pabatid ang INS para makasagot sa mga humihiling, ang mga humihiling ay pinagpapaasang magsabi ng kanilang mga kailangan sa lugar ng Paghiling para sa Naturalisasyon.

## KARAGDAGAN ng *LISTAHAN NG MGA DOKUMENTO* (M-477-TG)

Ayon sa tanong na nangangalang **"Kung kayo'y may mga buwis, pederal, state o lokal na atrasado, padala:"** pagkatapos ng nangyayaring impormasyon, ang sumusnod na impormasyon ay idagdag:

> Palatandaan: Maari niyong makuha ang mga kopya ng dokumentong buwis at impormasyon sa pagalam ng inyong opisinang lokal ng IRS, gamitin ang mga Pahinang Asul ng inyong direktoriyo ng telepono o sa pamamagitan ng Internet, direksiyon sa http://www.irs.gov.

# Mga Nilalaman


1 Mabuhay! pahina 1

2 Ano ang mga Kapakinabangan at Pananagutan ng Pagkamamamamayan? pahina 3

3 Kalimitang mga Tanong pahina 5

4 Sino ang Maaaring Maging Mamamayan? pahina 17
- Mga Kinakailangan pahina 18
- Panahon ng Isang "Permanent Resident" pahina 22
- Patuloy na Pamamalagi pahina 22
- Pamamalagi sa Estados Unidos pahina 23
- Tagal ng panahon na nanirahan sa Distrito o Estado pahina 24
- Mabuting Pagkatao pahina 25
- Ingles at Sibiks pahina 26
- Katapatang-loob sa Saligang Batas pahina 28

5 Ano ang mga Ipapagawa at Kakailanganin sa Process ng Pagpapa-naturalize? pahina 31
- Ang Paghahanda para sa Pag-aplay pahina 32
- Ang Pagsagot sa Inyong Aplikasyon at ang Pagpapakuha ng Litrato pahina 33
- Ang Pagpapa-fingerprint pahina 35
- Ang Pag-iinterbiyu sa Inyo pahina 36
- Ang Panunumpa pahina 39

6 Anong Klaseng Serbisyo ang Aking Maaasahan? pahina 41

7 Saan Ako Puwedeng Magpatulong? pahina 43

8 Listahan ng mga Salita (o tawag na ginagamit) at ang mga Ibig Sabihin nito pahina 45

# *Mabuhay!*

1

*E Pluribus Unum---Nagmula sa Marami, Naging Isa*

- Moto ng Estados Unidos ng Amerika

## Lubos na Pagtanggap ng INS

Kami ay lubos na nasisiyahan na gusto ninyong maging isang mamamayan ng Estados Unidos. Ang Estados Unidos ay isang bansa ng mga dayuhan. Sa buong itinagal ng kasaysayan ng ating bansa, ang pagdating ng mga dayuhan dito na naghahanap ng mas mabuting kabuhayan at nagbibigay lakas sa ating bansa.

Ang desisyon na maging isang mamamayan ng Estados Unidos ay isa sa mga pinakamahalagang desisyon sa buhay ng isang tao. Ang desisyon ninyong mag-apply sa pagkamamamayan ng Estados Unidos ay nagpapatunay ng katapatan sa ating bansa, Saligang Batas, at sa kapwa mamamayan.

Sa oras na kayo ay maging mamamayan, sasang-ayon kayo na tanggapin ang lahat ng pananagutan ng isang mamamayan. Ang kapalit nito ay gagantimpalaan kayo ng lahat ng karapatan at pribilehiyo na kasama sa pagiging isang mamamayan. Inuulit namin na nasisiyahan kami sa inyong kagustuhan na maging isang mamamayan at sana ay basahin ninyo ang brosyur na ito para mas may matutunan kayo tungkol sa pagkamamamayan.

## Ano ang Naturalisasyon ("Naturalization")?

Ang naturalisasyon o "naturalization" ay ang paraan na ang mga dayuhan ay maging mamamayan ng Estados Unidos. Kung kayo ay hindi ipinanganak na isang mamamayan, kayo ang kailangang magpa-naturalize para maging isang mamamayan.

## Ano ang layunin nitong *Guide*?

Itong *Guide* ay para makatulong sa mga tao na maunawaan ang mga ginagawa para sa pagkakamamamayan. Ito ay para sa mga tao na 18 taong gulang o mas matanda na gustong maging isang mamamayan ng Estados Unidos. Ginawa ng Immigration and Naturalization Service (INS) itong *Guide* para makapagbigay ng mas mabuti at mas nararapat na impormasyon sa mga taong interesado na magpa-naturalize.

# Ano ang mga Kapakinabangan at Pananagutan ng Pagkamamamamayan?

2

## Mga Kapakinabangan

Ang Saligang Batas ay nagbibigay ng maraming karapatan sa mga mamamayan at mga hindi-mamamayan ng Estados Unidos na naninirahan dito. Gayon pa man, may mga ilang karapatan na binibigay ng Saligang Batas sa mga mamamayan lamang, na tulad ng karapatang bumoto. Sa oras na kayo ay makapag-naturalize na, ibibigay sa inyo ang karapatang bumoto.

Ang pagkakaroon ng pasaporte ng Estados Unidos ay isa pang kapakinabangan ng pagiging isang mamamayan. Ang pasaporte ng Estados Unidos ay nagbibigay ng kalayaang makapaglakbay ang mga mamamayan. At bukod dito, ang mga mamamayan ay tumatanggap ng proteksiyon at tulong mula sa gobyerno ng Estados Unidos kapag sila ay nasa ibang bansa.

Hindi binabanggit ang lahat ng kapakinabangan ng pagiging isang mamamayan sa mga istansa sa itaas, pero binibigyan kayo ng idiya ng ilan sa mga pinakamahalagang kapakinabangan.

## Mga Pananagutan

Kabilang sa Panunumpa ng Katapatan ang mga dapat ninyong ipangako sa oras na kayo ay maging isang mamamayan ng Estados Unidos, kasama ang mga pangako na:

- tatalikdan ang dating katapatan sa mga ibang bansa;
- itataguyod at ipagtatanggol ang Saligang Batas at mga batas ng Estados Unidos;
- manunumpa ng katapatan sa Estados Unidos; at
- paglilingkuran ang bansa kapag kinakailangan.

Ang mga mamamayan ay may mga iba pang pananagutan bukod pa sa mga binanggit sa panunumpa. Ang mga mamamayan ay may pananagutan na sumali sa mga gawaing pampulitika sa pamamagitan ng pagrerehistro at pagboto sa mga halalan. Ang paglilingkod bilang miyembro ng jurado ay isa pang pananagutan ng pagkamamamayan. At bilang wakas, nagiging mas malakas ang Amerika kapag ang lahat ng mamamayan nito ay nirerespeto ang iba't-ibang opinyon, kultura, lahi, at relihiyon na nasa bansang ito. Ang paggalang sa mga kaibhan ay isa ring pananagutan ng pagkamamamayan.

Kapag kayo ay nagdesisyon na maging isang mamamayan ng Estados Unidos, dapat ay handa kayong tumupad sa mga pananagutan ng pagkamamamayan. Umaasa kami na papahalagahan rin ninyo ang mga kalayaan at pagkakataon na ibinibigay sa inyo bilang isang mamamayan. At umaasa rin kami na kayo ay magiging isang aktibong miyembro ng inyong komunidad. Dahil sa pagsali sa mga gawain sa inyong komunidad, kayo ay talagang nagiging isang Amerikano.

# *Mga Malimit Na Tinatanong*

**T** 1. Paano ako magiging isang mamamayan ng Estados Unidos?

**S** Kayo ay maaaring maging isang mamamayan ng Estados Unidos (1) sa pamamagitan ng pagkakapanganak o (2) sa pamamagitan ng naturalization.

3

**T** 2. Sino ang ipinanganak na isang mamamayan ng Estados Unidos?

**S**a karaniwan, ang mga tao ay mamamayan ng Estados Unidos kung sila ay ipinanganak sa Estados Unidos o kung sila ay ipinanganak na ang kanilang mga magulang ay mga mamamayan ng Estados Unidos:

(1) Kung kayo ay ipinanganak sa Estados Unidos:
Kasama sa karamihan ng kaso, ang Puerto Rico, Guam, at ang U.S. Virgin Islands, kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos nang kayo ay ipinanganak (maliban kung ang inyong magulang ay isang diplomat ng ibang bansa). Ang inyong sertipiko ng kapanganakan ay katibayan ng inyong pagkamamamayan.

(2) Kung kayo ay ipinanganak sa ibang bansa at ang inyong mga magulang ay PAREHONG mamamayan ng Estados Unidos:
Kung isa sa inyong magulang ay tumira sa Estados Unidos ng ilang panahon, sa buhay nila, sa kalimitan kaso, kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos.

Ang ulat na kayo ay ipinanganak at nakarihistro sa isang konsulado o embahada ng Estados Unidos, ay katibayan ng inyong pagkamamamayan. Puwede rin kayong mag-aplay para sa pasaporte para kilalanin ang inyong pagkamamamayan. Kung kailangan ninyo ng karagdagang katibayan ng inyong pagkamamamayan, kayo ay maaaring mag-file ng isang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600) sa INS para makakuha ng isang Sertipiko ng Pagkamamamayan. Tawagan ang INS Forms Line sa 1-800-870-3676 para humiling ng Form N-600, o i-download sa internet ang form sa http://www.ins.usdj.gov.

(3) Kung kayo ay ipinanganak sa ibang bansa at ang ISA sa inyong mga magulang ay isang mamamayan ng Estados Unidos:

Sa karamihan ng kaso, kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos kung totoo ang LAHAT ng mga sumusunod:

- Ang isa sa inyong mga magulang ay isang mamamayan ng Estados Unidos nang kayo ay ipinanganak;
- Ang inyong magulang na mamamayan ay nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 5 taon bago kayo ipinanganak; at
- Hindi kumukulang sa 2 nitong 5 taon sa Estados Unidos ay pagkalipas ng ika 14 taong gulang na kaarawan ng inyong magulang na mamamayan.[1]

Ang ulat na kayo ay ipinanganak at nakarihistro sa isang konsulado o embahada ng Estados Unidos, ay katibayan ng inyong pagkamamamayan. Puwede rin kayong mag-aplay para sa pasaporte para kilalanin ang inyong pagkamamamayan. Kung kailangan ninyo ng karagdagang katibayan ng inyong pagkamamamayan, kayo ay maaaring mag-file ng isang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600) sa INS para makakuha ng isang Sertipiko ng Pagkamamamayan. Tawagan ang INS Forms Line sa 1-800-870-3676 para humiling ng Form N-600, o i-download sa internet ang form sa http://www.ins.usdoj.gov.

## T 3. Paano ako magiging isang naturalized na mamamayan?

**S** Kung kayo ay 18 taong gulang o mas matanda, gamitin ang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400) para maging naturalized. Ang mga bata na kinukuha ang pagkamamamayan ng kanilang mga magulang na naturalized ay dapat gamitin ang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600) para maging naturalized. Tawagan ang INS Forms Line sa 1-800-870-3676 para humiling nitong mga form, o i-download sa internet ang form sa http://www.ins.usdoj.gov.

## T 4. Ano ang mga kinakailangan para sa pagpapa-naturalize?


**S** Mangyaring tingnan ang Section 4, "Sino ang Maaaring Magpanaturalize?", simula sa pahina 17 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para sa naturalization. Dapat rin ninyong sagutin ang Listahan ng mga Tanong para malaman kung kayo ay maari para sa Naturalization na nasa likod na bulsa nitong *Guide* para matulungan kayong malaman kung maibibigay ninyo ang mga kinakailangan para sa naturalization.

---

[1]Kung kayo ay ipinanganak bago ang ika 14 ng Nobyembre, 1986, kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos kung ang inyong magulang na mamamayan ng Estados Unidos ay nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 10 taon at ang 5 sa mga taong iyon sa Estados Unidos ay pagkalipas ng kanyang ika 14 taong gulang na kaarawan.

**T** 5. Kailan nagsisimula ang aking panahon bilang isang Permanent Resident?

**S** Ang inyong panahon bilang isang Permanent Resident ay nagsisimula sa petsa na kayo ay ginawang permanent resident. Ang petsang ito ay nasa inyong Permanent Resident Card (dating kilalang Alien Registration Card). Ipinapakita sa pahinang ito ang "sample card" kung saan ninyo makikita ang mga impormasyon na tulad ng petsa na nagsimula ang inyong pagka-Permanent Residence.



**T** 6. **Anong papel ang gagamitin ko para mag-file para sa naturalization?**

**S** Dapat ninyong gamitin ang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400). Tawagan ang INS Forms Line sa 1-800-870-3636 para humiling ng Form N-400. Puwede rin ninyong i-download sa internet ang form sa: http://www.ins.usdoj.gov.

**T** 7. **Kung ako ay nahatulang may sala ng krimen pero binura ang aking record, kailangan ko pa bang isulat iyon sa aking aplikasyon o sabihin iyon sa opisyal ng INS?**

**S** Opo. Dapat kayong palaging tapat sa INS tungkol sa LAHAT ng:

- mga pag-aresto (kahit na kayo ay hindi sinampahan ng kaso o nahatulang may sala);
- mga nahatulang may sala (kahit na binura ang inyong record); at
- mga krimen na inyong nagawa na hindi kayo naaresto o nahatulang may sala.

!Mahalaga

Kahit na kayo ay may nagawang hindi mabigat na krimen, maaaring tanggihan ng INS ang inyong aplikasyon kung hindi ninyo sasabihin sa opisyal ng INS ang tungkol sa pangyayari.

**T** 8. **Saan ako magpa-file ng aking aplikasyon para sa naturalization?**

**S** Dapat ninyong ipadala ang inyong sinagutang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400) sa naaangkop na INS Service Center. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Service Center na naglilingkod sa inyong lugar, tingnan ang pahina 34 o ang nag-iisang pahina na pinamagatang "Ang Tanggapan ng INS sa Inyong Lugar" na nasa likod ng bulsa nitong *Guide*. HUWAG isama ang mga orihinal na dokumento sa inyong aplikasyon maliban kung sinasabi sa kasamang Listahan ng mga Dokumento sa inyong *Guide* na kinakailangan ang orihinal. Palaging tandaan: gumawa ng kopya ng inyong aplikasyon o ano mang dokumentong pinadadala ninyo sa INS.

**T** 9. **Ako ba ay tutulungan ng INS kung ako ay may kapansanan?**

**S** Pagsisikapan ng INS na bigyan ng makatwirang tulong ang mga aplikanteng may kapansanan at mga kinakailangan modipikasyon para mapatunayan na sila ay maaring magpa-naturalize. Halimbawa, kung kayo ay gumagamit ng wheelchair, titiyakin namin na kayo ay makakapag-fingerprint, mai-interbiyu, at gagawin ang inyong panunumpa sa

isang lokasyon na puwedeng pasukan ng wheelchair. Kung kayo ay may kapansanan sa pagdinig, ang opisyal na mag-interbiyu sa inyo ay magsasalita ng medyo malakas o magsasalita ng dahan-dahan o kaya ay kukuha ng tao na nakakaitindi ng mga senyas para ninyo maitindihan. Kung kayo naman ay may hayop na tumutulong sa inyo, halimbawa ay "guide dog," maaari din ninyong dalhin ito sa inyong interbiyo o sa seremonya ng inyong panunumpa.

Kung alam ninyo sa una pa lamang na kailangan ninyo ng tulong (mga tulong na nababanggit sa itaas na saknong) mangyaring sumulat kayo sa opisina ng distrito na inyong pag-i-terbiyuhan, ipinaliliwanag ang inyong kapansan o kinakailangang tulong pagkatapos matanggap ang abiso para sa interbiyu. Patuloy ang INS na nagsisikap para sa mabuting pamamaraan alang-alang sa madaling pag-process ng naturalization sa mga aplikanteng may mga kapansanan.

## T 10. Saan ang tanggapan ng INS na pinakamalapit sa aking lugar?

**S** Para sa impormasyon tungkol sa tanggapan ng INS na naglilingkod sa inyong lugar, tingnan ang nag-iisang pahina na pinamagatang "Ang Tanggapan ng INS sa Inyong Lugar" na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.

## T 11. Magkano ang bayad para sa pagpaprocess ng aplikasyon?

**S** Sa kasalukayan, ang bayad para sa pag-process ng naturalization ay makikita sa nag-iisang pahina na pinamagatang "Kasalukuyan mga bayad sa Naturalization," nasa likod ng bulsa nitong *Guide*. Kung kayo ay wala pang-75 taong gulang, kailangan din ninyong bayaran ang pagpapa-fingerprint.

## T 12. Paano ko babayaran ang aplikasyon?

**S** Dapat ninyong bayaran ang singil para sa inyong aplikasyon (at singil para sa pagpapafingerprint maliban kung kayo ay 75 taon gulang o mas matanda pa) sa pamamagitan ng personal o cashier's check o money order na mula sa isang bangko sa Estados Unidos sa U.S. dollars na binabayaran ang "Immigration and Naturalization Service." Puwede ninyong bayaran ang singil para sa aplikasyon at pagpapafingerprint sa pamamagitan ng isang tseke o money order. Mangyaring huwag ipagsama sa isang tseke ang mga bayad para sa mahigit na isang aplikasyon, dahil kung may matuklasan kaming problema sa isa sa mga aplikasyong naming natanggap, maaaring isauli sa inyo ang lahat ng mga ito.

Kung kayo ay nakatira sa Guam, ang binabayaran ay ang "Treasurer, Guam." Kung kayo ay nakatira sa Virgin Islands, ang binabayaran ay ang "Commissioner of Finance of the Virgin Islands."

!Mahalaga

Dapat ninyong isama sa inyong aplikasyon ang inyong bayad. Tandaan ninyo na hindi isasauli sa inyo ang inyong bayad kung iuurong ninyo ang inyong aplikasyon o kung tinanggihan ng INS ang inyong kaso.

## T 13. Gaano katagal bago maging naturalized?

**S** Ang tagal o panahon ng paghihintay para maging “naturalized” ay nag-iiba sa bawa’t lokasyon. Ang INS ay nagsisikap na makabago at mapagbuti and pag-process ng naturalization at para ng sa ganoon ay maaring gawing mga 6 na buwan na lamang ang panahon ng iyong paghihintay.

## T 14. Saan ako magpapafingerprint?

**S** Pagkatapos naming matanggap ang inyong aplikasyon, sasabihin naming sa inyo kung saan kayo dapat magpapa-fingerprint. Tingnan ang pahina 35 para sa karagdagang impormasyon nito.

## T 15. Paano ko malalaman ang kalagayan ng aking aplikasyon para sa naturalization?

**S** Para malaman ang kalagayan ng inyong aplikasyon para sa naturalization, yaman man lang na tumawag sa Service Center na pinag-dalhan ng inyong aplikasyon. Ang numero ng telepono nito ay makikita sa nag-iisang pahina na pinamagatang “Ang Tanggapan ng INS sa Inyong Lugar,” na nasa likod bulsa nitong *Guide.* Nagsisikap ang INS na mapa-walang bayad ang mga aplikanteng nagta-tanong ng kalalagayan ng kanilang aplikasyon kung gumagamit ng telepono. Sa ngayon, depende sa lugar ng INS na inyong pinag-tatanongan, ang pag-gamit ng telepono ay bayayaran pa rin.

**T** 16. Paano kung ako ay hindi makarating sa takda ng araw sa aking interbiyu?

**S** Napakahalaga na hindi ninyo makaligtaan ang inyong interbiyu. Kung alam ninyo na kayo ay hindi makakapunta sa inyong interbiyu, dapat ninyong sulatan sa lalong madaling panahon ang tanggapan na nakatakda ang inyong interbiyu. Sa inyong sulat, hilingin ninyong itakda sa ibang petsa ang inyong interbiyu. Ang pagtatakdang muli ng interbiyu ay maaaring magdagdag ng mga ilang buwan sa sistema para sa naturalization, kaya sikapin ninyong huwag baguhin ang inyong orihinal na petsa ng interbiyu. Kung kayo ay hindi sumipot sa inyong itinakdang interbiyu na hindi ninyo inabisuhan ang INS, isasara namin ang inyong kaso. Maliban kung kontakin ninyo kami para magtakda muli ng bagong interbiyu sa loob ng 1 taon pagkatapos naming isara ang inyong kaso, tatanggihan namin ang inyong aplikasyon. Hindi namim kayo papadalhan ng abiso kung isasara namin ang inyong kaso dahil kayo ay hindi sumipot sa inyong interbiyu.

**T** 17. Ano ang gagawin ko kung nagbago ang aking Tirahan?

**S** Napaka-halaga sa amin ang inyong kasalukuyang tirahan, dahil kung mali ito, maaring hindi kayo makatangggap ng mahalagang inpormasyon galing sa amin (INS). Halimbawa, maaring hindi namin kayo mapadalhan ng abiso para sa araw ng inyong interbiyu o kaya ay mga dokumento na kinakailangang dalhin o ipadala sa araw na ito.

Kung pagkatapos na mag-file ng inyong aplikasyon para sa naturalzation (Form N-400), kayo ay lumipat o nagbago ng tirahan, tumawag lamang sa telepono ng National Customer Service, numero 1-800-375-5283 (TTY:1-800-767-1833), ipaalam ninyo ang bago ninyong tirahan. Itong tawag sa telepono ay walang bayad. Nararapat din ninyong ipaalam sa U. S. Postal Service ang bago ninyong tirahan para makasigurado kayong ang inyong mga sulat ay makarating na walang sagabal.

**T** 18. Maari ko bang baguhin ang aking pangalan sa oras na ako ay makapag-naturalize?

**S** Puwede ninyong baguhin ang inyong pangalan bilang bahagi ng inyong pagpapanaturalize kung pinamamahalaan ng isang korte sa inyong lugar ang mga seremonya ng panunumpa para sa naturalization. Kung hindi, walang maitatalang pagbabago ng inyong pangalan sa inyong Sertipiko ng Naturalization maliban kung legal na binago na ninyo ang inyong pangalan (tulad ng sa pamamagitan ng pag-aasawa) bago ninyo kinumpleto ang process para sa pagpapanaturalisa.

Kung magpasiya kayong palitan ang inyong pangalan, hihilingin sa inyo sa panahon ng inyong interbiyu na sagutin ninyo ang isang Petisyon para ng Pagbabago ng Pangalan. Sa mga ilang kaso, ang inyong pagpetisyon sa korte para palitan ang inyong pangalan ay maaaring makaatraso sa petsa ng inyong seremonya ng panunumpa. Kung kayo ay magpetisyon para palitan ang inyong pangalan, ang bagong pangalan ay hindi magiging legal hanggang pagkatapos ng inyong seremonya ng panunumpa. Ang inyong bagong pangalan ang nakasulat sa inyong Sertipiko ng Naturalization.

Ang INS ay hindi nagpa-process ng mga petisyon para baguhin ang pangalan pagkatapos ng naturalization. Gayon pa man, puwede pa rin ninyong palitan ang inyong pangalan pagkatapos ng inyong naturalization sa pamamagitan ng mga ibang legal na paraan.

## T 19. Kung ako ay ina-naturalize ng INS, kailan ako magiging isang mamamayan?

**S** Kayo ay magiging isang mamamayan sa oras na gawin ninyo ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos. Sa mga ilang lugar, puwede kayong manumpa sa mismong araw ng inyong interbiyu. Kung hindi puwedeng mangyari ito, o kung gusto ninyo ng seremonya sa ibang araw, sasabihin sa inyo ng INS ang petsa ng seremonya sa isang "Abiso sa Naturalisasyon para sa Seremonya ng Panunumpa" (Form N-445).

## T 20. Ano ang aking gagawin kung hindi ako makapunta sa araw ng aking seremonya para sa panunumpa?

**S** Kung hindi kayo makakapunta sa araw ng inyong Seremonya para sa Panunumpa, mangyaring ibalik ang "Abiso sa Naturalization para sa Seremonya ng Panunumpa" (Form N-445), na pinadala ng INS sa inyo. Ipadala itong Form N-445 sa opisina local, kalakip nito ang sulat ng pagpapaliwanag kung bakit kayo hindi nakarating sa araw ng inyong seremonya. HUWAG kalilimutang magpagawa ng duplikado or copya ng "Abiso" at ng inyong sulat (ito ay itago para sa inyong rekord) bago ipadala sa INS. Ang inyong opisina local ay mag-papadala sa inyo ng bagong "Abiso sa Naturalization para sa Seremonya ng Panunumpa" (Form N-445) at panibagong petsa or araw ng inyong panunumpa.

## T 21. Ano ang magagawa ko kung tanggihan ng INS ang aking aplikasyon?

**S** Kung sa inyong palagay ay may pagkakamali sa pagtanggi sa inyong aplikasyon para sa naturalization, puwede kayong humiling ng isang “hearing” na pinamamahalaan ng isang immigration officer. Ipapaliwanag ng inyong sulat ng pagtanggi kung paano humiling ng isang hearing at kalakip nito ang form na kailangan ninyo. Ang form para sa pag-file ng pag-apela ay ang "Paghiling ng Hearing" alinsunod sa Section 336 ng Batas Dahil sa Ginawang Desisyon sa mga Hakbang ng Naturalization" (Form N-336). Kailangan ninyong i-file sa amin ang form na kasama ang tamang halaga ng bayad sa loob ng 30 araw pagkatapos ninyong matanggap ang sulat ng pagtanggi.

Kung, pagkatapos ng isang hearing para sa pag-aapela sa INS, kayo ay naniniwala pa rin na may pagkakamali sa pagtanggi sa inyong aplikasyon para sa naturalization, puwede kayong mag-file ng isang petisyon sa U.S. District Court para sa isang bagong pagsisiyasat ng inyong aplikasyon.

## T 22. Puwede ba akong mag-aplay muli para sa naturalization kung tanggihan ng INS ang aking aplikasyon?

**S** Sa karamihan ng kaso, puwede kayong mag-aplay muli. Kung kayo ay mag-aaplay muli, kakailanganin ninyong sagutin at mag-submit muli ng bagong N-400 at magbayad muli. Kung tinanggihan ang inyong aplikasyon, sasabihin sa sulat ang petsa na puwede kayong mag-aplay muli para sa pagkamamamayan.

Kung tinanggihan ang inyong aplikasyon dahil kayo ay hindi makapasa sa test sa Ingles o sa civics, kayo ay puwedeng mag-aplay muli para sa naturalization sa lalong madaling panahon na gusto ninyo. Dapat kayong mag-aplay muli kapag sa inyong palagay ay natuto na kayo ng sapat na Ingles o civics para makapasa sa mga test.

## T 23. Ano ang gagawin ko kung nawala ko ang aking Sertipko ng Naturalization? Ano ang gagamitin kong katibayan ng pagkamamamayan kung wala aking sertipiko?

**S** Puwede kayong kumuha ng bagong Sertipiko ng Naturalization sa pamamagitan ng pag-submit sa INS ng isang "Aplikasyon para Palitan ang Dokumento ng Naturalization/Pagkamamamayan" (Form N-565). Puwede kayong kumuha ng N-565 sa pagtawag sa INS Forms Line (1-800-870-3676), o sa pag-download ng form mula sa internet sa http://www.ins.usdoj.gov. I-submit ang form na ito na kalakip ang bayad sa

tanggapan ng INS sa inyong lugar. Puwedeng abutin ng 1 taon bago ninyo matanggap ang bagong sertipiko. Kung kayo ay mayroong pasaporte, puwede ninyong gamitin ito bilang katibayan ng inyong pagkamamamayan habang hinihintay ninyo ang kapalit na sertipiko. Dapat kayong mag-aplay para sa pasaporte sa sandaling kayo ay maging isang mamamayan.

**T**

## 24. Kailangan ko bang kumuha ng bagong Permanent Resident Card (na dating kilalang Alien Registration Card) kapag ang INS ay maglabas ng ibang klase ng card kung ako ay nag-aplay para sa naturalization?

**S**

Kung kayo ay nag-aaplay para sa naturalization, anim na buwan o higit pa sa petsang bago mapaso ang inyong Permanent Resident Card, hindi ninyo kailangang mag-aplay para sa bagong card. Gayon pa man, puwede kayong mag-aplay para sa pagpapanibagong Permanent Resident Card kung gusto ninyo, sa paggamit ng Form I-90 (makukuha mula sa INS Forms Line o sa INS internet site) at pagbabayad ng naaangkop na halaga.

Kung kayo a nag-aaplay para sa naturalization, sa loob ng anim na buwan ng petsang bago mapaso ang inyong Permanent Resident Card, o kung kayo ay hindi nag-aplay para sa naturalization, at napaso na ang inyong card, kailangan ninyong ipa-renew ang inyong card.

**T**

## 25. Kung ako ay naturalized na, automatic bang magiging citizen ang aking anak?

**S**

Sa karaniwan, kung ang mga anak ay mga Permanent Resident, makukuha nila ang pagkamamamayan ng kanilang mga magulang na naturalized. Totoo ito kahit ang bata ay isinilang na anak o inampon.[2]

Sa karamihan ng kaso, ang inyong anak ay isang mamamayan kung totoo ang LAHAT ng mga sumusunod:

- Naturalized rin ang ibang magulang O
  Kayo na lang ang natitirang magulang (kung patay na ang ibang magulang) O
  Kayo ang may legal custody (kung kayo at ang ibang magulang ay hiwalay nang legal o nagdiborsiyo;
- Ang anak ay wala pa sa 18 taong gulang nang naging naturalized ang (mga) magulang;
- Ang anak ay walang asawa, ng ang magulang ay “naturalized”; na

---

[2]Ang lahat ng mga pag-ampon ay dapat makumpleto bago ang ika 16 taong gulang na kaarawan ng bata para maaari ang bata para sa anumang kapakinabangan ng imigrasyon, na kabilang ang naturalization.

- Ang anak ay isang Permanent Resident bago siya umabot sa kanyang ika 18 taong gulang na kaarawan.

Kung masusunod ninyo at ng inyong anak ang mga kinakailangan, puwede kayong kumuha ng pasaporte para sa inyong anak bilang katibayan ng kanyang pagkamamamayan. Kung kailangan ng inyong anak ang karagdagang katibayan ng kanyang pagkamamamayan, puwede kayong mag-submit sa INS na isang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600) para makakuha ng Sertipiko ng Pagkamamamayan. (Bigyan ng Pansin: ang inyong anak ay puwedeng kumuha ng pasaporte o Sertipiko ng Pagkamamamayan sa anumang panahon, kahit na siya ay sumapit na sa 18 taong gulang.) Puwede kayong kumuha ng N-600 sa pagtawag sa INS Forms Line (1-800-870-3676) o sa pag-download ng form mula sa internet sa http://www.ins.usdoj.gov.

### T 26. Kung ako ay naturalized pero hindi nauukol sa akin o sa aking anak ang situwasyong binabanggit sa itaas, paano ako makakapag-aplay para maging isang mamamayan ang aking anak?

**S** Sa karamihan ng kaso, ang mga mamamayan ay puwedeng mag-aplay para maging mga mamamayan ang kanilang mga anak:

(1) Ang mga anak na ipinanganak o inampon na mga Permanent Resident

Kung buhay ang dalawang magulang at kasal pa rin sa isa't-isa, pero ang isang magulang lang ang mamamayan, kayo ay puwedeng mag-aplay para maging isang mamamayan ang inyong anak na ginagamit ang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600). Kailangan ng bata ang LAHAT ng mga sumusunod na kinakailangan sa panahong gawin niya ang Panunumpa ng Katapatan (Bigyan ng Pansin: baka hindi na kailanganin ang Panunumpa kung napakabata pa ng bata para maintindihan ito.):

- Ang anak ay wala pang 18 taong gulang;
- Walang asawa ang anak;
- Ang anak ay isang Permanent Resident; at
- Ang anak ay nasa legal custody ng magulang na mamamayan.

(2) Ang mga anak na ipinanganak o inampon na HINDI mga Permanent Resident

Kung isang mamamayan ang isa sa mga magulang, ang magulang na iyon ay puwedeng mag-aplay para maging isang mamamayan ang kanyang anak na ginagamit ang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600). Kailangang masapat ng bata ang LAHAT ng mga sumusunod na kinakailangan sa panahong gawin niya ang Panunumpa ng Katapatan (Bigyan ng Pansin: baka hindi na kailanganin ang Panunumpa kung napakabata pa ng bata para maintindihan ito.):

- Ang anak ay wala pang 18 taong gulang;
- Walang asawa ang anak;
- Ang anak ay legal na nasa Estados Unidos sa mga situwasyon na ang anak ay isang non-resident (halimbawa, ang kanyang visa ay B-2 o F-1);
- Ang anak ay nasa legal custody ng kanyang magulang na mamamayan;
- Ang magulang na mamamayan ay nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 5 taon; at
- Hindi kumukulang sa 2 nitong 5 taon sa Estados Unidos ay pagkalipas ng ika 14 taong gulang na karawan ng magulang na mamamayan..

Sa mga ilang kaso, ang anak ay mayroon ngang isang magulang na mamamayan ng Estados Unidos pero hindi nanirahan sa Estados Unidos ng kahit 5 taon, na ang 2 taon dito ay pagkalipas ng ika 14 taong gulang na kaarawan ng magulang na mamamayan. Sa mga kasong ito, ang magulang na mamamayan ay puwedeng mag-aplay na maging isang mamamayan ang kanyang anak na ginagamit ang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600). Kailangang masapat ng bata ang LAHAT ng mga sumusunod na kinakailangan sa panahon na gawin niya ang Panunumpa ng Katapatan (Bigyan ng Pansin: baka hindi na kailanganin ang Panunumpa kung napakabata pa ng bata para maintindihan ito):

- Ang anak ay wala pang 18 taong gulang;
- Walang asawa ang anak;
- Ang anak ay legal na nasa Estados Unidos sa mga situwasyon na ang anak ay isang non-resident (halimbawa, ang kanyang visa ay B-2 o F-1);
- Ang magulang na mamamayan ng Estados Unidos ay may magulang (ang lolo/lola ng bata) na isa ring mamamayan ng Estados Unidos;
- Ang anak ay nasa legal custody ng magulang na mamamayan ng Estados Unidos na ang magulang ay isa ring mamamayan ng Estados Unidos;
- Ang lolo/lola na mamamayan ng Estados Unidos ay nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 5 taon; at
- Hindi kumukulang sa 2 nitong mga taon sa Estados Unidos ay pagkalipas ng ika 14 taong gulang na kaarawan ng lolo/lola na mamamayan.

# *Sino Ang Maaaring Magpanaturalize?*

Ang naturalization ay paraan na ang mga dayuhan ay magiging mamamayan. Kung kayo ay 18 taon gulang o mas matanda pa at gusto ninyong mag-aplay para sa naturalization, kailangan ninyong gamitin ang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400).

Kung gusto ninyong mag-aplay para sa naturalization ng isang bata na wala pang 18 taong gulang, kailangan ninyong gamitin ang "Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan" (Form N-600). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aplay para maging mamamayan ang inyong mga anak, tingnan ang mga tanong 25-26 sa mga pahina 14-16.

Sa mga sumusunod na pahina, inilalarawan namin ang mga kinakailangan para sa naturalization ng mga taong 18 taong gulang o mas matanda pa na gagamitin ang Form N-400.

Ang mga sumusunod na tabulasyon ay sinasabi sa mga maikling pangungusap ang mga kinakailangan para sa naturalization ng karamihan ng klase ng mga aplikante. Pagkatapos ng tabulasyon ay isang seksiyon na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa bawa't kinakailangan. Kung mayroon pa kayong mga tanong tungkol sa kung maaari kayo para sa naturalization, dapat kayong sumangguni sa isang organisayson na tumtulong sa mga dayuhan o sa INS.





# MGA KINAKAILANGAN

KLASE NG APLIKANTE

| | PR Panahon na Permanent Resident | Patuloy na Paninirahan |
|---|---|---|
| **Kung kayo ay:**<br>Isang Permanent Resident nitong nakaraang 5 taon at walang mga hindi pagkaraniwang situwasyon<br>*Bigyan ng pansin: Higit sa 90% ng mga aplikante ang nasa kategoriang ito.* | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyaheng nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. |
| **Kung kayo ay:**<br>Kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos at nagsasama kayo sa kasalukuyan<br>**AT**<br>Kasal sa tinutukoy na mamamayan ng Estados Unidos at nagsasama kayo nitong nakaraang 3 taon<br>**AT**<br>Ang inyong asawa ay isang mamamayan ng Estados Unidos nitong nakaraang 3 taon | 3 taon | 3 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyaheng nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. |
| **Kung kayo ay:**<br>Nasa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos (o magpa-file ng inyong aplikasyon sa loob ng 6 buwan pagkatapos ng inyong honorable discharge)<br>AT<br>Naglingkod ng hindi kumukulang sa 3 taon. | Kailangang kayo ay isang Permanent Resident sa araw ng inyong interbiyu. | Hindi Kinakailangan |
| **Kung kayo ay:**<br>Nasa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 3 taon<br>**O**<br>**Kung kayo ay:**<br>Nasa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos ng 3 taon o mas matagal pa, pero kayo ay lumabas dito ng higit pa sa 6 buwan ang nakakaraan | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyaheng nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa.<br>*Bigyan ng pansin: Kung kayo ay lumabas ng bansa dahil sa inyong trabaho, itong panahon na kayo ay nasa labas ng bansa ay hindi lumalabag sa inyong "patuloy na paninirahan". Ito ay itinuturing na panahon na kayo ay nasa Estados Unidos.* |
| **Kung kayo ay:**<br>Nasa active duty sa militar noong:<br>· World War I (ika 11 ng Nobyembre, 1916 - ika 6 ng Abril, 1917);<br>· World War II (ika 1 ng Septiyembre, 1939 - ika 31 ng Disyembre, 1946);<br>· Digmaan sa Korea (ika 25 ng Hunyo, 1950 - ika 1 ng Hulyo, 1955)<br>· Digmaan sa Vietnam (ika 28 ng Pebrero,1961 - ika 15 ng Oktubre, 1978); o<br>· Digmaan sa Persian Gulf (ika 2 ng Agosto, 1990 - ika 11 ng Abril, 1991) | Kayo ay hindi kinakailangang maging isang Permanent Resident.<br>*Bigyan ng pansin: Kung kayo ay hindi nag-enlist o nag-reenlist sa Estados Unidos o sa malalayong possessions nito, kailangang kayo ay isang Permanent Resident sa araw na kayo ay nag-file ng inyong aplikasyon.* | Hindi Kinakailangan |
| **Kung kayo ay:**<br>Kinasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos na namatay sa panahon ng kanyang honorable active duty service sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos<br>Bigyan na pansin: Kailangang kasal kayo sa inyong asawa na mamamayan ng Estados Unidos at nagsasama kayo sa panahong namatay siya. | Kailangang kayo ay isang Permanent Resident sa araw ng inyong interbiyu. | Hindi Kinakailangan |
| **Kung kayo ay:**<br>Isang national ng Estados Unidos (isang hindi-mamamayan na may permanenteng katapatan sa Estados Unidos) AT Naging isang residente ng anumang Estado AT Kuwalipikado para manaturalisa. | Kayo ay hindi kinakailangang maging isang Permanent Resident | Pareho ang mga kinakailangan tulad sa mga ibang nag-aaplay para sa naturalization, depende sa inyong mga kuwalipikasyon.<br>Bigyan ng pansin: Ang mga panahon na kayo ay nanirahan sa American Samoa o Swains Island ay itinuturing na tulad ng panahon na kayo ay nanirahan sa isang Estado ng Estados Unidos. |
| Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon | Pahina 22 | Mga pahina 22-23 |

| Pagkakatigil sa Estados Unidos | Panahon sa Distrito o Estado | Magandang Pagkatao | Nakakaintindi ng Ingles & Civics | Attachment sa Saligang Batas |
|---|---|---|---|---|
| 30 buwan | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| 18 buwan | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Hindi Kinakailangan | Hindi Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| 30 buwan<br>*Bigyan ng pansin:*<br>*Ang panahon na kayo ay naglilingkod sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos a itinuturing na panahong "pagkakatigil" sa Estados Unidos kahit saan kayo nakadestino.* | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Hindi Kinakailangan | Hindi Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Hindi Kinakailangan | Hindi Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Pareho ang mga kinakailangan tulad sa mga ibang nag-aaplay para sa naturalization, depende sa inyong mga kuwalipikasyon. Bigyan ng pansin: Ang mga panahon na kayo ay nanirahan sa American Samoa o Swains Island ay itinuturing na tulad ng panahon na kayo ay nanirahan sa isang Estado ng Estados Unidos. | 3 buwan o hindi kinakailangan, depende sa inyong mga kuwalipikasyon. | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Mga pahina 23-24 | Pahina 24 | Pahina 25 | Mga pahina 26-27 | Mga pahina 28-29 |

## MGA KINAKAILANGAN

**KLASE NG APLIKANTE**

| Kung kayo ay: | PR Panahon na Permanent Resident | Patuloy na Paninirahan |
|---|---|---|
| **Kung kayo ay:** Nagtrabaho sa isang barko na pinamamahalaan ng Estados Unidos **O** **Kung kayo ay:** Nagtrabaho sa isang barko na nakarehistro sa Estados Unidos *Bigyan ng pansin: Sa kasong ito, kailangang ang mga may-ari ng barko ay mga mamamayan ng Estados Unidos o isang korporasyon sa Estados Unidos.* | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyahe na nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. *Bigyan ng pansin: Kung kayo ay nasa labas ng bansa habang nagtatrabaho sa barko, itong panahon na kayo ay wala sa bansa ay hindi lumalabag sa inyong "patuloy na paninirahan." Itinuturing itong parang panahon na pinalipas sa Estados* |
| **Kung kayo ay:** Isang empleyado ng Gobyerno ng Estados Unidos o isang taong nakakontrata dito | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyahe na nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. *Ang inyong pagkawala sa Estados Unidos ng 1 taon o mas matagal pa ay lalabag sa inyong "patuloy na paninirahan." Puwede ninyong panatilihin ang inyong "patuloy na paninirahan" kung kayo ay may hindi kumukulang sa 1 taon na tuloy-tuloy na "patuloy na paninirahan" magmula ng kayo ay naging isang Permanent Resident at kayo ay kumuha ng inaprobahang N-470 bago kayo lumabas ng Estados Unidos para sa tagal na 1 taon.* |
| **Kung kayo ay:** Isang pastor o pare para sa isang relihiyon o isang organisasyon na binubuo ng iba't-ibang relihiyon na may balidong dahilan na naririto sa Estados Unidos | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyahe na nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. *Ang inyong pagkawala sa Estados Unidos ng 1 taon o mas matagal pa ay lalabag sa inyong "patuloy na paninirahan." Puwede ninyong panatilihin ang inyong "patuloy na paninirahan" kung kayo ay may hindi kumukulang sa 1 taon na tuloy-tuloy na "patuloy na paninirahan" magmula ng kayo ay naging isang Permanent Resident at kayo ay kumuha ng inaprobahang N-470 sa anumang panahon bago kayo nag-aplay para sa naturalization.* |
| **Kung kayo ay:** Nagtatrabaho sa isa sa mga sumusunod:<br>· Isang Amerikanong surian ng pananaliksik na kinikilala ng Attorney General;<br>· Isang kompanya o korporasyon na pag-aaring Amerikano na may kinalaman sa pagpapaunlad ng pakikipagkalakalan ng Estados Unidos sa mga ibang bansa; o<br>· Isang pangmadlang internasyonal na organisasyon na miyembro ang Estados Unidos batay sa batas o kasunduan (kung kayo ay nag-umpisang magtrabaho dito pagkatapos kayong naging isang Permanent Resident) | 5 taon | 5 taong Permanent Resident na hindi lumalabas ng Estados Unidos para sa mga biyahe na nagtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa. *Ang inyong pagkawala sa Estados Unidos ng 1 taon o mas matagal pa ay lalabag sa inyong "patuloy na paninirahan." Puwede ninyong panatilihin ang inyong "patuloy na paninirahan" kung kayo ay may hindi kumukulang sa 1 taon na tuloy-tuloy na "patuloy na paninirahan" magmula ng kayo ay naging isang Permanent Resident at kayo ay kumuha ng inaprobahang N-470 bago kayo lumabas ng Estados Unidos para sa tagal na 1 taon.* |
| **Kung kayo ay:** Nagtatrabaho nitong nakaraang 5 taon o mas matagal pa sa isang organisasyon sa Estados Unidos na hindi pangnegosyo na ang pangunahing tungkulin ay itaguyod sa ibang bansa sa pamamagitan ng communications media ang mga interes ng Estados Unidos | 5 taon | Hindi Kinakailangan |
| **Kung kayo ay:** Asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos na isa sa mga sumusunod:<br>· Isang miyembro ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos;<br>· Isang empleyado ng Gobyerno ng Estados Unidos o isang taong nakakontrata dito;<br>· Isang empleyado ng isang Amerikanong surian ng pananaliksik na kinikilala ng Attorney General;<br>· Isang kompanya o korporasyon na pag-aaring Amerikano na may kinalaman sa pagpapaunlad ng pakikipagkalakalan ng Estados Unidos sa mga ibang bansa;<br>· Isang empleyado ng isang pangmadlang internasyonal na organisasyon na miyembro ang Estados Unidos batay sa batas o kasunduan; o<br>· Isang pastor o pare para sa isang relihiyon o isang organisasyon na binubuo ng iba't-ibang relihiyon na may balidong dahilan na naririto sa Estados Unidos **AT**<br>Ang inyong asawa na mamamayan ay nagtatrabaho sa ibang bansa ng hindi kumukulang sa 1 taon batay sa isang kontrata o kautusan ng pagtrabaho. | Kailangang kayo ay isang Permanent Resident sa panahon ng inyong interbiyu sa INS. | Hindi Kinakailangan |
| Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon | Pahina 22 | Mga pahina 22-23 |


| Pagkakatigil sa Estados Unidos | Panahon sa Distrito o Estado | Magandang Pagkatao | Nakakaintindi ng Ingles & Civics | Attachment sa Saligang |
|---|---|---|---|---|
| 30 buwan<br><br>*Bigyan ng pansin: Ang panahon na nagtatrabaho kayo sa barko ay itinuturing bilang panahong "pagkakatigil" sa Estados Unidos* | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| 30 buwan<br>*Bigyan ng pansin: Ang panahon ng pagtatrabaho sa ganitong klase ng trabaho ay itinuturing bilang panahong "pagkakatigil" sa Estados Unidos kahit na saan kayo nakadestino basta't kumuha kayo ng inaprobahang N-470 bago kayo lumabas ng Estados Unidos na nagtatagal ng 1 taon* | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| 30 buwan<br>*Bigyan ng pansin: Ang panahon ng pagtatrabaho sa ganitong klase ng trabaho ay itinuturing bilang panahong "pagkakatigil" sa Estados Unidos kahit na saan kayo nakadestino basta't kumuha kayo ng inaprobahang N-470 bago kayo mag-aplay para sa naturalization.* | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| 30 buwan | 3 buwan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Hindi Kinakailangan | Hindi Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Hindi Kinakailangan | Hindi Kinakailangan | Bigyan ng pansin: Ang panahon ng | Kinakailangan | Kinakailangan |
| Mga pahina 23-24 | Pahina 24 | Pahina 25 | Mga pahina 26-27 | Mga pahina 28-29 |

PR

## Panahon na Permanent Resident

Ang mga Permanent Resident ay mga taong may katayuang "permanent resident" sa Estados Unidos na itinakda alinsunod sa ating mga batas pang-imigrasyon.  Ang mga Permanent Resident ay karaniwang binibigyan ng Permanent Resident Cards. (Bigyan ng pansin:  dating tinatawag na Alien Registration Cards ang mga ito.)

Sa karamihan ng mga kaso ay kailangan kayong maging isang Permanent Resident ng mga ilang taon bago kayo makapag-aplay para sa naturalization.  Pero hindi sapat na maging isang Permanent Resident para sa sapat na dami ng taon.  Kayo ay kailangan ring may "patuloy na paninirahan" sa mga panahong iyon.



## Patuloy na Paninirahan

Ang kahulugan ng "patuloy na paninirahan" ay hindi kayo lumabas o umalis sa Estados Unidos ng matagal na panahon.  Kung kayo ay lumabas o umalis sa Estados Unidos ng matagal na panahon, maaring linabag ninyo ang sinasabing “patuloy na paninirahan."

**Paano kung ako ay nasa labas ng Estados Unidos sa pagitan ng 6 at 12 buwan?** Kung kayo ay lalabas ng Estados Unidos ng mas matagal sa 6 buwan pero wala pa sa 1 taon, linabag o hininto ninyo ang inyong "patuloy na paninirahan" maliban kung mapatutunayan ninyo na hindi ninyo linabag o hininto ito.  Basahin ang "Listahan ng mga Dokumento" na nasa likod na bulsa nitong *Guide* para malaman ninyo kung anong mga impormasyon ang kailangan ninyong ibigay sa amin para patunayan na hindi ninyo linabag ang inyong "patuloy na paninirahan."

**Paano kung ako ay nasa labas ng Estados Unidos na nagtatagal ng 1 taon o mas matagal pa?**   Sa karamihan ng mga kaso, kung kayo ay umalis ng Estados Unidos ng 1 taon o mas matagal pa, naputol ninyo ang inyong "patuloy na paninirahan."  Totoo ito kahit na kayo ay may Re-entry Permit.

Kung kayo ay umalis ng bansa na tumagal ng 1 taon o mas matagal pa, baka sakaling maaari kayong makapasok muli bilang isang Permanent Resident kung kayo a mayroong Re-entry Permit.  Pero ang mga panahon na kayo ay nasa Estados Unidos *bago kayo umalis ng bansa* ay hindi bibilanging para sa inyong panahon ng "patuloy na paninirahan."

Sa kabutihang palad, kung kayo ay babalik sa loob ng 2 taon, binibilang para sa "patuloy na paninirahan" ang ilan sa mga panahon na *kayo ay nasa labas ng bansa*.  Sa totoo nga, ang huling 365 araw na kayo ay nasa labas ng bansa (1 taon, bawas ang 1 araw) ay binibilang para sa inyong pagkumpleto ng kinakailangang "patuloy na paninirahan."

Kung kayo ay nag-aaplay batay sa 5 taon bilang isang Permanent Resident o batay sa 3 taon bilang isang Permanent Resident na asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos, kayo ay puwedeng mag-file para sa naturalization ng hanggang 90 araw bago ninyo makumpleto ang kinakailangang "patuloy na paninirahan." Halimbawa, kung kayo ay nag-aaplay batay sa 3 taong "patuloy na paninirahan" bilang isang Permanent Resident na asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos, kayo ay puwedeng mag-aplay sa anumang panahon pagkatapos kayong naging isang Permanent Resident na patuloy na naninirahan ng 3 taon na binawasan ng 90 araw.  Puwede ninyong ipadala ang inyong aplikasyon bago ninyo makumpleto ang kinakailangang "patuloy na paninirahan" lamang.  Kaya, kayo ay kinakailangan pa ring kasal ng 3 taon sa inyong asawa na isang mamamayan ng Estados Unidos at nagsasama kayong dalawa bago kayo puwedeng mag-file ng inyong aplikasyon.  Kailangan rin ninyong makumpleto ang mga kinakailangan para sa naturalization sa oras na kayo ay mag-file ng inyong aplikasyon sa INS.

May mga maliit na grupo ng mga aplikante na hindi kinakailangan ang anumang "patuloy na paninirahan" (halimbawa, mga miyembro ng U.S. Armed Forces).

Mayroon ring mga maliit na grupo ng mga tao na puwedeng lumabas sa bansa ng mas matagal sa 1 taon at hindi inaabala ang kanilang "patuloy na paninirahan." Para panatilihin ang kanilang "patuloy na paninirahan" habang sila ay nasa labas ng bansa, ang mga taong ito ay kailangang mag-file ng "Aplikasyon para Panatilihin ang Paninirahan para sa mga Layunin ng Naturalization" (Form N-470). Tingnan ang table sa unang bahagi nitong seksiyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung sino ang makakagamit ng N-470 at kung kailan nila kailangang i-file ito.

## Pagkakatigil sa Estados Unidos

Ang kahulugan ng "pagkakatigil" ay kayo ay mismong nasa Estados Unidos. Ang karamihan ng mga aplikante ay kailangang nasa Estados Unidos ng mga ilang buwan para maaari para sa naturalization.

**Ano ang pagkakaiba ng "pagkakatigil" at "patuloy na paninirahan"?** Ang "pagkakatigil" ay ang kabuuang bilang ng mga araw na kayo ay nasa labas ng Estados Unidos sa lahat ng inyong biyahe. Ang "patuloy na paninirahan" ay binibilang ang bilang ng mga araw na kayo ay nasa labas ng Estados Unidos sa isang biyahe. Kahit na kayo ay hindi kailanman nagbiyahe ng matagal para maputol ang inyong "patuloy na paninirahan", puwedeng marami kayong mga maikling biyahe kaya hindi ninyo makumpleto ang kinakailangang "pagkakatigil."

***"Patuloy na Paninirahan" Halimbawa***


- Ang isang aplikante ay naging isang Permanent Resident noong ika 1 ng Enero, 1990.
- Siya ay nanirahan sa Estados Unidos ng 3 taon, tapos bumalik siya ng 1 taon at 3 buwan sa kanyang bansang sinilangan.
- Siya ay kumuha ng isang Re-entry Permit bago siya lumabas ng Estados Unidos para manatili siyang isang Permanent Resident.
- Ang aplikante ay bumalik sa Estados Unidos bilang isang Permanent Resident noong ika 1 ng Abril, 1994.

Tanong: Kailan maaari ang aplikante para sa naturalization?

Sagot: Sa ika 2 ng Abril, 1998, 4 na taon at 1 araw pagkatapos niyang bumalik sa Estados Unidos. Ang nahuling 364 araw na ang aplikante ay nasa labas ng Estados Unidos ay binibilang sa kanyang panahon bilang isang Permanent Resident sa "patuloy na paninirahan," pero hindi ang 3 taon sa Estados Unidos bago siya lumabas.

Kapag binibilang ang kabuuang bilang ng mga araw na kayo ay nasa labas ng bansa, isama ang lahat ng inyong biyahe sa labas ng Estados Unidos. Kabilang rito ang mga maikling biyahe at ang mga biyahe sa Canada at Mexico. Halimbawa, kung kayo ay pumunta sa Canada ng Sabado at Linggo, kailangan ninyong isama ang biyaheng iyon kapag binibilang ninyo ang mga araw na kayo ay nasa labas ng bansa. Sa karaniwan, ang mga hindi buong araw na kayo ay nasa Estados Unidos ay itinuturing na mga buong araw na nasa Estados Unidos.

May mga maliit na grupo ng mga aplikante na puwedeng isama ang panahon na sila ay nasa ibang bansa bilang panahon na nasa Estados Unidos para sa kinakailangang "pagkakatigil." Halimbawa, ang anumang panahong kayo ay naglilingkod sa U.S. Armed Forces ay binibilang na panahon sa nasa Estados Unidos kahit na kayo ay nakadestino sa ibang bansa. Tingnan ang table sa unang bahagi nitong seksiyon para sa karagdagang impormasyon.




## Panahon bilang isang Resident sa Distrito o Estado

Ang karamihan ng tao ay kailangang naninirahan ng hindi kumukulang sa 3 buwan sa distrito o estado na kanilang pinag-aaplayan bago sila makapag-aaplay. Ang distrito ay isang lugar na itinakda ng INS na pinaglilingkuran ng isa sa 33 "District Offices" ng INS. Malalaman ninyo kung saang distrito kayo nakatira sa pagsangguni sa nag-iisang pahina na pinamagatang "Ang Tanggapan ng INS sa Inyong Lugar" na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.

Ang mga estudyante ay puwedeng mag-aplay para sa naturalization sa lugar na kung saan sila pumapasok sa paaralan o sa lugar na kung saan naninirahan ang kanilang pamilya (kung sila ay sustentado pa ng kanilang mga magulang).

## Mabuting Pagkatao

Kailangan kayo ay may mabuting pagkatao para maging karapat dapat na maging mamamayan. Ang INS ang magpapasiya kung kayo nga ay may mabuting pagkatao batay sa mga batas na pinagtibay ng Konggreso. Sa sumusunod na bahagi ay ilalarawan namin ang mga ilan sa mga maaaring maging mahigpit ang INS.

**Criminal Record.** Ang paggawa ng mga ibang krimen ay puwedeng maging dahilan na kayo ay hindi maaari para sa naturalization (ang mga ito ay tinatawag ng INS na "bars" [mga hadlang] sa naturalization). Ang aggravated felonies na ginawa noong ika 29 ng Nobyembre, 1990 o pagkalipas nito) at ang pagpatay sa kapwa tao ay mga permanenteng bars. Kayo ay hindi magiging mamamayan kailanman kung kayo ay nakagawa ng isa sa mga krimeng ito.

Ang mga ibang krimen ay may pansamantalang bar. Ang mga pansamantalang bar ay karaniwang hinahadlangan kayong maging isang mamamayan para sa mga ilang tagal ng panahon pagkatapos ninyong magawa ang krimen.

Ang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400) ay may mga tinatanong tungkol sa mga krimen. Kailangan ninyong ipaalam ang lahat ng krimen na nagawa ninyo kabilang ang mga krimen na binura sa inyong record at 'yung mga krimen na nangyari bago kayo sumapit sa inyong ika 18 taong gulang na kaarawan. Kung hindi ninyo sasabihin sa INS ang tungkol sa mga krimeng ito at matuklasan namin ang tungkol sa mga ito, kayo ay puwedeng tanggihan para sa naturalization (kahit na ang krimeng ito ay hindi ang dahilan na puwedeng tanggihan ang inyong kaso).


**Pagsisinungaling.** Kung kayo ay hindi magsasabi ng katotohanan sa inyong interbiyu, puwedeng tanggihan ng INS ang inyong aplikasyon dahil sa kayo ay walang mabuting pagkatao. Kung kayo ay nagpanaturalized sa INS at pagkatapos ay natuklasan na kayo ay nagsinungaling sa inyong interbiyu, puwedeng bawiin sa inyo

MGA HALIMBAWA NG MGA BAGAY NA NAGPAPAKITA NG WALANG MABUTING PAGKATAO

- Mga krimen laban sa tao na may layuning manakit
- Mga krimen laban sa mga ari-arian o laban sa Gobyerno na may kinalaman sa "pangdaraya" o masamang layunin
- Dalawa o mas maraming krimen na ang sentensiya ay umaabot sa 5 taon o mas matagal pa
- Ang paglabag sa mga batas ng Estados Unidos, anumang estado, o anumang ibang bansa na nauukol sa mga pinamamahalaang sakop
- Palaging lasing o nagmamaneho nang lasing
- Labag sa batas na pagsusugal
- Pagpuputa
- Polygamy (kasal sa higit pa sa isang tao nang magkasabay na panahon)
- Pagsisinungaling para magkamit ng mga kapakinabangang pang-imigrasyon
- Hindi nagbabayad ng mga inutos ng korte na sustento sa anak o alimony
- Pagkakakulong sa bilangguan, preso o katulad na lugar na ang pagkakakulong ay umaabot ng 180 araw o mas matagal pa sa nakaraang 5 taon (o 3 taon kung kayo ay nag-aaplay batay sa kayo ay asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos)
- Ang hindi pagkumpleto ng mga probation, parole, o sinuspindeng sentensiya bago kayo nag-aplay para sa naturalization
- Kung sa kamakailan lamang ay iniutos na kayo ay paalisin sa bansa, kayo ay hindi puwedeng mag-aplay para maging isang mamamayan. Kung kayo ay kinasuhan para paalisin sa bansa, kayo ay hindi puwedeng mag-aplay para maging isang mamamayan hanggang matapos ang inyong kaso at kayo ay binigyan ng permiso na manatili sa bansa bilang isang Permanent Resident
- Mga gawaing terrorist
- Ang pagmamalupit sa tao dahil sa kanyang lahi, relihiyon, bansang pinagmulan, paniniwalang pampulitika, o pagkakasali sa isang grupong panlipunan

ang inyong pagkamamamayan.

Mangyaring bigyan ng pansin na kung kayo ay nakagawa ng mga ibang mabigat na krimen, puwedeng pagpasiyahan ng INS na kayo ay paalisin sa Estados Unidos. Kung kayo ay may mga katanungan, baka sakaling gusto ninyong hingin ang payo ng isang immigrant assistance organization o ng isang abogadong pang-imigrasyon bago kayo mag-aplay para sa naturalization.



## Ingles at Civics

Ayon sa batas, kailangang ipakita ng mga aplikante na sila ay:

- "nakakaintindi ng wikang Ingles, kabilang ang kakayahang magbasa, magsulat at magsalita....ng mga simpleng salita at kasabihan... sa karaniwang ginagamit na wikang Ingles...

- "may kaalaman at pagkakaintindi ng mga saligan ng kasaysayan, at ng mga simulain at klase ng gobyerno, ng Estados Unidos...

Nangangahulugan na para maaari kayo para sa naturalization, kailangang kayo ay marunong magbasa, magsulat at magsalita ng simpleng Ingles. Kailangang kayo ay may kaunting nalalaman tungkol sa Kasaysayan at Gobyerno ng Estados Unidos (na kilala rin bilang "civics").

**Paano kung hindi ko magagawa ang mga kinakailangan para sa Ingles o civics?**

May mga ibang aplikante na dahil sa kanilang gulang o pagkabaldado ay may ibang ipinagagawa para sa Ingles at civics.

*Gulang* — Mayroong 3 mahalagang pagkakalibre sa test na batay sa gulang:

(a) **Kung kayo ay mas matanda sa 50 taong gulang at nanirahan sa Estados Unidos bilang isang Permanent Resident sa mga panahong umaabot ng hindi kumukulang sa 20 taon,** hindi ninyo kailangang kunin ang test para sa Ingles. Kailangan ninyong kunin ang test para sa civics sa wikang pinili ninyo;

(b) **Kung kayo ay mas matanda sa 55 taong gulang at nanirahan sa Estados Unidos bilang isang Premanent Resident sa mga panahong umaabot ng hindi kumukulang sa 15 taon,** hindi ninyo kailangang kunin ang test para sa Ingles. Kailangan ninyong kunin ang test para sa civics sa wikang pinili ninyo;

(c) **Kung kayo ay mas matanda sa 65 taong gulang at nanirahan sa Estados Unidos bilang isang Permanent Resident sa mga panahong umaaabot ng hindi kumukulang sa 20 taon,** hindi ninyo kailangang kunin ang test para sa Ingles, pero kailangan ninyong kunin ang mas simpleng bersiyon ng test para sa civics sa wikang pinili ninyo.

**!Mahalaga**

*Kailangan ninyong makumpleto itong mga kinakailangan para sa gulang at para sa panahon bilang isang Permanent Resident sa oras na kayo ay mag-file ng inyong aplikasyon para malibre sa mga kinakailangang test.*

Para maging karapat-dapat sa mga pagkakalibreng ito, hindi kailangang tuloy-tuloy ang inyong panahon bilang isang Permanent Resident. Kayo ay maaaring makalibre sa test kung ang buong panahon na kayo ay naninirahan sa Estados Unidos (bilang isang Permanent Resident)

ay hindi kumukulang sa 15 o 20 taon. Hindi ninyo puwedeng isama ang panahon na kayo ay hindi pa isang Permanent Resident.

*Kawalang-kaya* — Kung kayo ay may diperensiya sa inyong katawan o kaisipan, baka maaari kayong makalibre sa mga kinakailangang test para sa Ingles at civics. Para humiling na makalibre sa test, kailangan ninyong mag-file ng isang "Sertipikong Medical para sa mga Eksepsiyon Dahil sa Kawalang-kaya" (Form N-648) na kasama ng inyong aplikasyon. Kung sa palagay ninyo na karapat-dapat kayong makalibre sa pagsusulit, kontakin ang isang lisensiyadong doktor ng medisina o doktor na espesyalista sa osteopathy o lisensiyadong clinical psychologist at kailangan niyang sagutin at pirmahan ang inyong N-648.

Kung kayo ay makalibre sa kinakailangang pagsusulit para malaman kung kayo ay marunong mag-Ingles, kailangang handa kayong magsama ng inyong tagapagsalin.

Para mag-aplay na makalibre sa pagsusulit dahil sa inyong pagkabaldado, ang inyong pagkabaldado ay:

- kailangang hindi kumukulang sa tagal na 1 taon (o inaasahang tumagal ng 1 taon); at
- kailangang hindi naging sanhi ng ilegal na paggamit ng drugs.

**!Mahalaga**

*Kung kayo ay karapat-dapat na makalibre sa kinakailangang test sa Ingles at civics dahil sa inyong diperensiyang pangmedikal, kailangan pa rin na puwede ninyong gawin ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos. Kung kayo ay hindi maka-unawa o hindi ninyo maintindihan ang ibig sabihin ng "Panunumpa" dahil sa kakulangan ng pa-iisip o pisikal, maaring ang INS ay magpa-ubaya o kayo ay malibre sa mga dapat kinakailanganin nito.*

**Paano ako makakapaghanda para sa mga pagsusulit?** Maraming mga paaralan at organisayson sa komunidad ang tumutulong sa mga tao na makapaghanda para sa mga pagsusulit para sa pagkamamamayan.

Makakakita kayo ng mga halimbawang tanong tungkol sa civics sa likod na bulsa nitong *Guide*. Makakakita rin kayo ng mga halimbawang pangungusap na katulad ng mga pangungusap na maaaring ipasulat o ipabigkas sa inyo sa inyong test sa Ingles. Ang mga kailangang pag-aralan ay makukuha rin sa internet sa http://www. ins.usdoj.gov na kabilang ang praktis na pagsusulit tungkol sa Kasaysayan at Gobyerno ng Estados Unidos na puwede ninyong kunin online.

## Attachment sa Saligang Batas



Ang lahat ng aplikante para sa naturalization ay kailangang handang itaguyod at ipagtanggol ang Estados Unidos at ang ating Saligang Batas. Ipinapahayag ninyo ang inyong "attachment" sa Estados Unidos at sa ating Saligang Batas sa oras na gawin ninyo ang Panunumpa ng Katapatan. Sa katotohanan kayo ay talagang lamang magiging isang mamamayan ng Estados Unidos pagkatapos ninyong gawin ang Panunumpa ng Katapatan.

**Ano ang iniuutos sa Panunumpa?** Sa oras na manumpa kayo, kailangang ipangako ninyo na gagawin ninyo ang tatlong bagay:

**(1) Tatalikuran ko ang aking mga Katapatan sa Ibang Bansa.** Tulad ng sinasabi sa Panunumpa, kailangan ninyong talikuran ang lahat ng inyong katapatan sa ibang bansa para maging isang mamamayan ng Estados Unidos.

**(2 )Itataguyod ko ang Saligang Batas.** Kailangang handa kayong itaguyod at ipagtanggol ang mga prinsipyo ng Saligang Batas ng Estados Unidos at ng mga batas ng Estados Unidos.

**(3) Paglilingkuran ko ang Estados Unidos.** Kapag iniuutos ng batas, kailangang handa kayong (1) lumaban para sa U.S. Armed Forces, (2) maglingkod sa U.S. Armed Forces sa tungkuling hindi pangsundalo, (3) maglingkod sa Estados Unidos bilang sibilyan.

**Paano kung labag sa aking mga pinaniniwalaan ang pakikipaglaban para sa militar?** Kung labag sa mga turo ng inyong relihiyon at ng inyong mga pinaniniwalaan ang lumaban para sa militar o ang maglingkod dito, kayo ay maaaring palibrehin ng INS sa mga kinakailangang ito. Kakailanganin ninyong maglakip ng sulat sa inyong aplikasyon na humihiling ng bahagyang pagbabago sa panunumpa at ipinapaliwanag kung bakit hindi ninyo puwedeng gawin ang Panunumpa na katulad ng nakasulat sa itaas. Mangyaring tingnan ang pahina 39 para sa karagdagang impormasyon tungkol dito.

**Ano pa ang ipapatupad ng INS tungkol sa aking pangako na paglingkuran ang Estados Unidos?**

Bukod sa inyong pangakong paglilingkuran ang Estados Unidos kapag iniuutos, ipapagawa rin ng INS ang tatlong sumusunod na bagay kapag sila ay nagpapasiya kung kayo nga ay talagang handang paglingkuran ang Estados Unidos:

### Ang Panunumpa ng Katapatan

*Sa pamamagitan nito ay isinasaad ko, nang nakasumpa,*
*na lubos at ganap kong tinatalikuran at itinatakwil ang lahat ng katapatan sa sinumang prinsipe, taong makapangyarihan, estado, o kapangyarihan ng ibang bansa, na dati kong kinabibilangan bilang isang mamamayan;*
*na aking itataguyod at ipagtatanggol ang Saligang Batas at ang mga batas ng Estados Unidos ng Amerika laban sa lahat ng mga kaaway, sa ibang bansa at sa loob ng bansa;*
*na ako ay magtitiwala at magiging tapat sa nabanggit;*
*na ako ay gagamit ng sandata sa ngalan ng Estados Unidos kapag iniuutos ng batas;*
*na ako ay maglilingkod sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos sa tungkuling hindi pangsundalo kapag iniuutos ng batas;*
*na ako ay maglilingkod sa mga tungkuling mahalaga sa bansa sa ilalim ng pamamahalang sibilyan kapag iniuutos ng batas; at*
*tatanggapin ko ang tungkuling ito nang kusang-loob, nang walang pag-aatubili at walang pagtatangkang iwasan ito;tulungan nawa ako ng Diyos.*

(1) *Selective Service* — Kung kayo ay isang lalaki, sa karaniwan ay kailangan kayong magrehistro para sa Selective Service bago kayo mag-aplay para sa naturalization. Kung kayo ay isang lalaki at kayo ay nanirahan sa Estados Unidos (sa anumang kalagayan na naiiba pa sa legal na non-immigrant) sa anumang panahon sa pagitan ng inyong ika 18 at ika 26 taong gulang na kaarawan, kailangan kayong magrehistro para sa Selective Service System. Kung kayo ay isang lalaki at kayo ay dumating sa Estados Unidos nang kayo ay mas matanda pa sa 26 taong gulang, hindi kayo kailangang magrehistro para sa Selective Service.

Kung kinakailangan kayong magrehistro, kakailanganin ninyong ibigay ang inyong Selective Service number sa INS sa panahong kayo ay mag-aplay. Makukuha ninyo ang inyong Selective Service number sa pagtawag sa 1-847-688-6888 kung kayo ay ipinanganak pagkalipas ng ika 31 ng Disyembre, 1954. Kung kayo ay ipinanganak bago ang ika 29 ng Marso, 1957, dapat ninyong tawagan ang 1-703-605-4047.

Kung hindi kayo nakapagrehistro, kailangan ninyong magrehistro sa United States post office o sa internet para makakuha ng Selective Service number. Makukontak ninyo ang Selective Service Internet Site sa http://www.sss.gov o sa INS Internet site sa http://www.ins.usdoj.gov. Kailangang mayroon kayong Social Security number para makapagrehistro sa Internet.

Kung kailangan kayong magrehistro pero hindi kayo nakapagparehistro bago kayo sumapit ng 26 taong gulang, kailangan ninyong gawin ang mga sumusunod:

- Tumawag sa 1-847-688-6888 at sagutin ang Questionnaire Form ng Selective Service System (ang mga lalaking ipinanganak bago ang ika 29 ng Marso, 1957, ay dapat tumawag sa 1-703-605-4047);
- Makatanggap ng "status information letter" mula sa Selective Service; at
- Ilakip sa inyong aplikasyon ang "status information letter."

(2) *Ang discharge ng isang banyaga mula sa U.S. Armed Forces* — Kung kayo ay nakatanggap ng exemption o discharge mula sa U.S. Armed Forces dahil kayo ay isang banyaga, baka kayo ay hindi maaari para sa naturalization.


(3) *Ang pagtakas mula sa U.S. Armed Forces* — Kung kayo ay nahatulan na tumakas mula sa U.S. Armed Forces, kayo ay hindi maaari para sa naturalization. Ang ibig sabihin ng pagtakas ay umalis kayo sa paglilingkod sa militar bago kayo madischarge.

# Ano ang mga Ipapagawa at Kakailanganin sa Process ng Naturalization?



## Ang Paghahanda sa Pag-Aaplay

- Basahin ang *Isang Guide para sa Naturalization*
- Sagutin ang Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization
- Kumuha ng Aplikasyon para sa Naturalization (Form N-400)



## Ang Pagsagot ng Inyong Aplikasyon at ang Pagpapakuha ng Litrato


- Sagutan ang inyong aplikasyon
- Magpakuha ng dalawang litrato
- Kunin ang mga kinakailangang dokumento
- Ipadala ang inyong aplikasyon, mga dokumento, at bayad sa naaangkop na Service Center



## Ang Pagpapa-fingerprint


- Kayo ay tatanggap ng sulat mula sa INS
- Pumunta sa lugar na para sa pagpapafingerprint
- Magpafingerprint
- Ipadala ang mga karagdagan dokumento kung hinihingi ang mga ito ng INS
- Maghintay ng sulat galing sa INS kung anong petsa ang inyong interbiyu

5



## Ang Pag-iinterbiyu sa Inyo

- Kayo ay tatanggap ng sulat kung anong petsa ang inyong interbiyu
- Pumunta sa inyong local office sa itinakdang oras
- Magdala kayo ng inyong ID at ibigay ang karagdagang dokumento kung hinihingi ng INS
- Sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa inyong aplikasyon at background
- Kumuha ng mga test sa Ingles at civics
- Kayo ay tatanggap ng abiso ng kapasiyahan



## Ang Panunumpa

- Kayo ay tatanggap ng sulat ng "Schedule of Ceremony"
- Mag-tsek-in sa lugar ng inyong seremonya
- Isauli ang inyong Permanent Resident Card
- Sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa inyong mga ginawa magmula noong kayo'y interbiyuhin
- Kayo ay manunumpa
- Kayo ay tatanggap ng inyong Sertipiko ng Naturalization

# Ang Paghahanda sa Pag-Aplay

## 1. Basahin ang *Isang Guide para sa Naturalization*

Ang unang hakbang sa process ng pagpapanaturalize ay ang pagbasa ng *Isang Guide para sa Naturalization*. Alam namin na maaaring mahirap maintindihan ang ibang mga kinakailangan para sa pagpapanaturalisa. Masasagot ang karamihan sa mga katanungan kung babasahin ninyo ang *Guide* bago simulan ang process ng pagpapanaturalize.

Inaasahan namin na makakatulong sa inyong pagsagot sa aplikasyon ang mga impormasyong nilalaman ng *Guide*. Mabilis naming mapa-process ang inyong aplikasyon kung kayo ay nahahanda, at ipapadala sa amin ang mga kinakailangang impormasyon at dokumento.

## 2. Sagutin ninyo ang Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

Sagutan ang listahan ng mga tanong para malaman kung kayo ay maaari para sa naturalization na nasa likod na bulsa nitong *Guide* para mapagpasiyahan kung kayo ay maaaring mag-aplay para sa naturalization. Kung hindi ninyo makumpleto ang lahat ng kinakailangan, maghintay na lamang kung kailan kayo maaaring makapag-aplay para hindi masayang ang inyong panahon at pera.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa kung kayo ay maaari para sa “naturalization” pagkatapos ninyong masagot ang listahan ng mga tanong, dapat kayong humingi ng payo sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa National Customer Service Center sa 1-800-375-5283;
- muling pagbasa ng impormasyon na nasa INS web site sa http:/www.ins.usdoj.gov;
- pagpunta sa isang INS information counter;
- sa isang organisasyon na tumutulong sa mga dayuhan; o
- pagsangguni sa isang abogadong pang-imigrasyon

## 3. Kumuha ng Aplikasyon para sa Naturalization (Form N-400)

Kumuha kayo ng aplikasyon kung sa inyong palagay ay kayo ay maaari para sa naturalization matapos ninyong sagutan ang listahan ng mga tanong. Ang tawag dito ay "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400). Puwede kayong makakuha ng Form N-400 sa pamamagitan ng pagtawag sa INS Forms Line (1-800-3676) o sa pag-download sa internet: (http:/www.ins.usdoj.gov)

# Ang Pagsagot ng Inyong Aplikasyon at ang Pagpapakuha ng Litrato

## 1. Sagutin ang inyong aplikasyon

Pagkakuha ninyo ng N-400, dapat ninyong sulatan ito nang lubos. Kung hindi kumpleto ang inyong mga sagot, maaaring humingi ng mga karagdagang impormasyon ang INS. Makakatagal ito sa pagprocess ng inyong aplikasyon para sa "naturalization."

Sa interbiyu sa inyo, kakailanganin ninyong sagutin ang mga tanong tungkol sa inyong aplikasyon. Dapat kayong maging tapat sa inyong pagsagot sa lahat ng tanong sa inyong aplikasyon. Tiyakin ninyong kayo ay may kopya ng inyong aplikasyon para sa inyong rekord.

## 2. Magpakuha ng dalawang litrato

Maglakip ng dalawang litratong de-color sa inyong aplikasyon. Isasauli sa inyo ng INS and inyong aplikasyon kung hindi kayo maglalakip ng litrato.

Dapat kasukat ng mga litrato ninyo ang sample sa ibaba. Tiyakin na may sapat at malinaw na puwang sa paligid ng mga litrato para maaari ninyong ipirma ang inyong buong pangalan kapag inaprobahan ang inyong aplikasyon.
Ang litrato ay dapat ring:

- unmounted at manipis ang papel, na puti ang background na ipinapakita ang ¾ hugis ng inyong kanang mukha at kanang tainga; at
- kuha ang litrato sa loob ng 30 araw ng petsa na ipinadala ang mga ito sa INS.



Pangwakas, dapat na walang nakatakip sa inyong ulo (maliban kung iniuutos ng inyong relihiyon na dapat na may takip ang inyong ulo).
Sa lahat ng kaso, kailangang nakikita ang inyong mukha.

Sa likod ng bawa't litrato ay dapat nakalimbag ang inyong pangalan at ang "A"- number na hindi madiin ang pagkakasulat. Tingnan ang nag-iisang pahina na pinamagatang "Color Photograph Specifications," na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.

## 3. Tipunin ang mga kinakailangang dokumento

Kailangan kayong magpadala ng mga dokumento kasama ng inyong aplikasyon. Kung ilan at aling mga dokumento ang kailangan ninyong ipadala ay depende sa inyong kalagayan. Maaaring matagalan ang pagprocess ng inyong aplikasyon kung hindi ninyo ipadadala ang mga karagdagang dokumento kasama ng inyong aplikasyon.

Sa karamihan ng mga kaso, dapat ninyong ipadala ang kopya ng dokumento, pero dapat handa kayong dalhin ang mga orihinal ng dokumento sa interbiyu. Maaaring hilingin namin na padalhan ninyo kami ng mga ibang dokumento bago dumating ang araw ng interbiyu o ipadadala sa inyo ang mga karagdagang dokumento sa interbiyu.

Para makatiyak na ang ipadadala ninyo ay tamang mga dokumento, tingnan ang Listahan ng mga Dokumento na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.

Kung ang ipinadala ninyong mga dokumento ay hindi nakasulat sa Ingles, tiyakin na may kasama itong salin sa Ingles. Dapat na may kasama itong katunayan mula sa tagapagsalin na sinasabing siya ay may kakayahang magsalin sa Ingles at wasto ang kanyang ginawang pagsasalin.

Kung wala kayo ng kinakailangang dokumento at hindi kayo makakakuha ng isang sertipikadong kopya ng orihinal, magbigay ng isang sertipikasyon mula sa orihinal na nagtatalang awtoridad na ipinaliliwanag kung bakit hindi maibibigay ito. Sa gayon ay isasaalang-alang namin ang mga ibang katibayan na tulad ng mga ipinanotarisang apidabit.

**!Mahalaga**

*Mababasa sa Listahan ng mga Dokumento kung kailan kayo kailangang magpadala ng mga orihinal na dokumento at kung kailan dapat magpadala ng mga kopya. Tandaan ninyong gumawa at magtabi ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento na ipinadadala ninyo sa amin.*

## 4. Ipadala ang inyong aplikasyon, mga dokumento, at bayad sa naaangkop na “Service Center”

Ipadala nang deretso and inyong aplikasyon sa Service Center na naglilingkod sa inyong lugar. Isasauli sa inyo and inyong aplikasyon kung inyong dadalhin o imemail ito sa tanggapan ng INS sa inyong lugar.

Ang kasalukuyang bayad na dapat ipadala kasama ng inyong aplikasyon ay mababasa sa nag-iisang pahina na pinamagatang "Kasalukuyang mga Bayad para sa Naturalization" na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.

Kung kayo ay nag-aaplay batay sa 5 taon bilang isang Permanent Resident o 3 taon bilang isang Permanent Resident na kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos, puwede kayong mag-file para sa naturalization ng hanggang 90 araw bago pa ninyo makumpleto ang kinakailangang "patuloy na paninirahan." Halimbawa, kung kayo ay kinakailangang may "patuloy na paninirahan" na 5 taon bago kayo manaturalize, kayo ay puwedeng mag-aplay sa oras na kayo ay may "patuloy na paninirahan" ng 5 taon bawas ang 90 araw. Huwag kayong mag-aplay ng masyadong maaga dahil baka isauli sa inyo o tanggihan ang inyong aplikasyon.

Maliban kung kayo ay naninirahan sa ibang bansa o kasalukuyang active duty sa militar, gamitin ang sumusunod na listahan para malaman kung saan ipapadala ang inyong aplikasyon, mga dokumento, at bayad:

Kung kayo ay nakatira sa Arizona, California, Hawaii, Nevada, Teritoryo ng Guam, o sa Commonwealth ng Northern Mariana Islands, ipadala ang inyong aplilkasyon sa:

**California Service Center**
**P.O. Box 10400**
**Laguna Niguel, CA 92607-0400**

Kung kayo ay nakatira sa Alaska, Colorado, Idaho, Illinois, Indiana, Iowa, Kansas, Michigan, Minnesota, Missouri, Montana, Nebraska, North Dakota, Ohio, Oregon, South Dakota, Utah, Washington, Wisconsin, o Wyoming, ipadala ang inyong aplikasyon sa:

**Nebraska Service Center**
**P.O. Box 87400**
**Lincoln, NE 68501-7400**

Kung kayo ay nakatira sa Alabama, Arkansas, Florida, Georgia, Kentucky, Louisiana, Mississippi, New Mexico, North Carolina, Oklahoma, South Carolina, Tennessee, o Texas, ipadala ang inyong aplikasyon sa:

**Texas Service Center**
**P.O. Box 851204**
**Mesquite, TX 75185-1204**

Kung kayo ay nakatira sa Connecticut, District of Columbia, Delaware, Maine, Maryland, Massachusetts, New Hampshire, New Jersey, New York, Pennsylvania, Rhode Island, Vermont, Virginia, West Virginia, Commonwelth of Puerto Rico, o sa U.S. Virgin Islands, ipadala ang inyong aplikasyon sa:

**Vermont Service Center**
**75 Lower Weldon Street**
**St. Albans, VT 05479-0001**

**Paano kung ako ay nakatira sa ibang bansa?** Kung kayo ay nakatira sa ibang bansa at magpa-file ng N-400, dapat na ipadala ninyo ang inyong aplikasyon sa Service Center na pinaglilingkuran ang tanggapan ng INS na kung saan ninyo gustong magpa-interbiyu. Halimbawa, kung gusto ninyong magpa-interbiyu sa tanggapan sa Honolulu, dapat ninyong ipadala ang inyong aplikasyon sa California Service Center.

**Paano kung kasalukuyan akong active duty sa militar?** Kung kayo ay nag-apply para sa naturalization na batay sa tagal ng inyong paglilingkod sa militar, at kayo ay kasalukuyang nasa active duty, dapat kayong pumunta sa personnel office ng inyong sangay sa militar para sa mga impormasyon sa kung paano ninyo isasaayos ang inyong aplikasyon. Dapat ninyong kausapin ang inyong “personnel office” kahit na kayo ay nakadestino sa ibang bansa.

# Pagpapa-fingerprint



### 1. Kayo ay tatanggap ng sulat mula sa INS

Pagkatapos ninyong ipadala ang inyong aplikasyon sa INS, padadalhan namin kayo ng sulat na nagsasabi kung saan at kailan kayo magpapa-fingerprint.

Sa kadalasan sasabihin sa sulat na pumunta kayo sa isang "Application Support Center" o sa presinto ng pulis. Isang van ang pumupunta sa mga piling lugar para makapagpa-fingerprint ang mga aplikante na malayo sa pinakamalapit na lugar na pinagpapakunan ng fingerprint. Sasabihin sa notice ng INS kung mayroong van na pumupunta sa inyong lugar.

### 2. Pumunta sa lugar na pinagpapakunan ng bakas ng mga daliri

Dalhin ang sulat sa inyo ng INS, ang inyong Permanent Resident Card, at magdala ng isa pang ID (lisensiya sa pagmamaneho, pasaporte, ID card ng estado). Dapat na may litrato ninyo ang pangalawang ID.

*Kung kayo ay 75 taong gulang o mas matanda pa nang ipadala ninyo ang inyong aplikasyon, hindi na kayo dapat magpakuha ng bakas ng inyong mga daliri. Kung kayo ay nakatira sa ibang bansa, sasabihin namin sa inyo na kayo ay magpakuha ng bakas ng inyong mga daliri sa isang tanggapan ng konsulado ng Estados Unidos.*

### 3. Magpafingerprint

Sa kasalukuyan, ang karamihan sa mga lugar na pinagpapakunan fingerprint ay gumagamit ng tinta. Sa kalaunan, lahat ng lugar na pinagpapakunan ng fingerprint ay gagamit ng "electronic technology" na hindi kakailanganin ang tinta.

Ipapadala ng INS ang inyong fingerprint sa FBI para mag-imbistiga kung kayo ay may record na kriminal. May mga pagkakataon na tatanggihan ng FBI ang inyong fingerprint kung malabo ang mga ito.

Kapag tinanggihan ng FBI ang inyong fingerprint, sasabihin sa inyo ng INS kung kailan kayo muling magpapa-fingerprint. Hindi na kayo muling pagbabayarin.

Sa pangalawang ulit na tanggihan ng FBI ang inyong fingerprint, maaaring hingan kayo ng mga police clearance mula sa bawa't lugar na tinirahan ninyo sa nakaraang 5 taon. Kailangang kontakin ninyo ang mga himpilan ng pulis sa mga lugar na inyong tinirahan para kumuha nitong clearance na ito.


### 4. Ipadala ang mga karagdagang dokumento kapag hiniling ng INS ang mga ito

Habang sinisiyasat ng FBI ang inyong nakaraan, hahanapin ng INS ang inyong immigration file. Kung minsan ay baka kakailanganin ng INS ang mga karagdagang dokumento bago namin maischedule ang interbiyu sa inyo. Kung kailangan ng INS ng mga karagdagang dokumento mula sa inyo, padadalhan namin kayo ng sulat na sinasabi kung ano ang kailangan namin at kung saan ipadadala ang mga ito.

### 5. Hintayin ninyong ischedule ng INS ang interbiyu sa inyo

Iischedule ng INS ang interbiyu sa inyo kapag handa na ang lahat. Kayo ay padadalhan ng INS ng notice na sinsasabi ang petsa, oras at lugar ng interbiyu.

# Ang Pag-iinterbiyu sa Inyo



## 1. Kayo ay tatanggap ng sulat na nakaschedule ang pag-iinterbiyu sa inyo

Kayo ay padadalhan sa koreo ng INS ng notice na sinasabi kung kailan at saan kayo dapat pumunta para sa interbiyu. Wala kayong matatanggap na pangalawang notice.

**Paano kung hindi ako makakarating sa pag-iinterbiyu sa akin?** Kung hindi kayo makakarating sa interbiyu para sa inyo, dapat kayong, sumulat kaagad sa tanggapan na nakaschedule gawin ang interbiyu. Dapat ninyong ipaliwanag ang inyong kalagayan at humingi kayo ng bagong petsa para sa interbiyu. Kapag naischedule na ang bagong petsa para sa inyo, kayo ay padadalhan ng INS ng panibagong notice ng interbiyu.

!Mahalaga

*Para makatiyak na matatanggap ninyo and inyong notice para sa interbiyu, dapat ninyong ipaalam sa INS tuwing kayo ay magpapalit ng direksiyon*

## 2. Pumunta sa inyong local office sa sinasabing oras

Dapat kayong pumunta sa tanggapan kung saan kayo iinterbiyuhin nang mas maaga sa oras ng interbiyu. Siksikan ang karamihan sa mga tanggapan ng INS. Kaya huwag nang magsama ng ibang tao maliban kung talagang kinakailangan.

Kapag hindi kayo sumipot sa inyong interbiyu nang walang paunang pasabi sa INS, gagawin naming "administratively close" ang inyong kaso. Kapag ginawa naming "administratively close" ang inyong kaso at hindi ninyo kinontak ang INS sa loob ng 1 taon para buksang muli ang inyong kaso, tatanggihan namin ang inyong aplikasyon.

!Mahalaga

*Pagsikapan ninyong makarating sa unang inischedule na petsa ng interbiyu dahil ang pagpapalit ng petsa ay maaaring makadagdag ng mga ilang buwan sa pagprocess ng naturalization.*

## 3. Magdala ng inyong ID at ibigay ang mga karagdagang dokumento kung hinihiling ng INS ang mga ito

Dapat ninyong dalhin ang mga sumusunod na pagkakakilanlan sa interbiyu: (1) ang inyong Permanent Resident o Alien Registration Card, (2) ang inyong pasaporte (kahit wala na itong bisa), at (3) mga Re-entry Permit na nasa inyo.

Sa mga ilang pagkakataon, maaaring sabihin sa inyo ng INS na magdala kayo ng mga karagdagang dokumento sa interbiyu. Ang mga dokumentong ito ay ililista sa sulat na schedule ng interbiyu. Maaaring matagalan o tanggihan ang inyonng aplikasyon kung hindi ninyo dadalhin ang mga kinakailangang dokumento.

## 4. Sagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa inyong aplikasyon at inyong nakaraan

Sa pag-iinterbiyu sa inyo, ipaliliwanag ng isang opisyal ng INS ang layunin ng interbiyu at hihilingin niyang ipakita ninyo ang inyong ID, at pasusumpain niya kayo. Tatanungin niya kayo tungkol sa:

- inyong nakaraan;
- mga katibayan na nagpapatunay sa inyong kaso;
- inyong tirahan at kung gaano katagal na kayong nakatira dito;
- inyong pagkatao;
- inyong katapatan sa Saligang Batas; at
- kung handa kayong gawin ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos.

Bukod dito, may mga ibang tanong ang opisyal ng INS para makatiyak na maibibigay ninyo ang lahat ng kinakailangan para sa naturalization. Maging handa kayo na ipaliwanag ang anumang mga pagkakaiba na nasa inyong aplikasyon at ang mga ibang dokumento na ibinigay ninyo sa INS.

**!Mahalaga**

*Tandaan ninyo na kayo ay nanunumpa. Laging magsasabi ng totoo sa interbiyu. Hindi kayo pagkakalooban ng pagkamamamayan kapag nagsinungaling kayo sa interbiyu. Kapag kayo ay isang mamamayan na pero natuklasan ng INS na nagsinungaling kayo sa inyong aplikasyon o sa interbiyu sa inyo, maaaring bawiin sa inyo ang inyong pagkamamamayan.*

Kung gusto ninyong samahan kayo ng isang kinatawan sa interbiyu, dapat muna kayong magpadala sa amin ng isang "Abiso Tungkol sa Pagharap Bilang Abogado o Kinatawan" (Form G-28) kasama ng inyong aplikasyon.

At, kung kayo ay palilibrehin sa mga kinakailangang pag-sulit sa Ingles, maaari kayong magdala ng isang tagapagsalin sa interbiyu o kukuha ang INS ng tagapagsalin para sa inyo. Kung mayroon kayong mga kapansanan, maaari kayong magsama ng isang kamag-anak o legal na tagapag-alaga ninyo kung papayag ang opisyal ng INS.

## 5. Kayo ay kukuha ng mga pasusulit sa Ingles at civics

Sa pag-iinterbiyu sa inyo, susubukin din ng opisyal ng INS and inyong kakayahan sa pagbasa,pagsulat, at pagsasalita ng Ingles (maliban kung kayo ay palilibrehin sa mga kinakailangang kakayahan sa Ingles). Bibigyan din kayo ng test sa inyong kakayahan sa civics (para subukin ang inyong kaalaman at pagkakaintindi tungkol sa Kasaysayan at Gobyerno ng Estados Unidos) maliban kung kayo ay palilibrehin dito.

**Ingles.** Susubukin ang inyong kakayahan sa Ingles sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

(1) **Pagbasa.** Para subukin ang inyong kakayahan sa pagbasa, maaaring hilingin sa inyo na inyong:
- basahin nang malakas ang ilang bahagi ng N-400;
- basahin ang mga ilang tanong sa civics at sagutin ang mga ito;
- basahin nang malakas ang ilan sa mga simpleng pangungusap.

(2) **Pagsulat.** Para subukin ang inyong kakayahan sa pagsulat, pasusulatin kayo ng opisyal ng INS ng isa o dalawang pangungusap (tingnan ang sample ng mga pangungusap na nasa likod na bulsa nitong *Guide*).

(3) **Pagsasalita.** Susubukin namin ang inyong kakayahan sa pagsasalita sa inyong pagsagot ng mga tanong tungkol sa inyong sarili at sa inyong aplikasyon habang kayo ay iniinterbiyu.

**Civics.** Sa interbiyu, hihilingin namin sa inyo na bigkasin ang mga sagot sa mga tanong sa civics o kumuha kayo ng isang nakasulat na test sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot sa hanggang 20 tanong (tingnan ang sample ng mga tanong sa civics na nasa likod na bulsa nitong *Guide*.)

## 6. Kayo ay tatanggap ng desisyon

Pagkatapos ng interbiyu, bibigyan namin kayo ng Form N-652 na magbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa resulta ng interbiyu. Batay sa lahat na ibinigay ninyong impormasyon sa amin, alinman sa mga sumusunod ang aming gagawin pagkatapos ng interbiyu: inaprobahan, ipagpapaliban, o tinanggihan ang inyong aplikasyon para sa naturalization.

**Inaprobahan.** Kung minsan, sasabihin sa inyo ng INS kung pagkakalooban kayo ng pagkamamamayan pagkatapos ng interbiyu. May mga pagkakataon na maaari na kayong manumpa sa isang seremonya sa mismong araw ng interbiyu (kung saan maaari ito). Sa ibang pagkakataon, makakatanggap kayo ng isang notice na sinasabi kung kailan at saan gaganapin ang seremonya ng inyong panunumpa.

**Ipinagpapaliban.** Maaari din na "ipagpapaliban" ng opisyal ng INS ang inyong kaso. Ang ibig sabihin ay pansamantalang nakatigil ang inyong kaso. Kapag ipinagpapaliban ang inyong kaso,

magdaragdag ito ng panahon sa pagprocess ng inyong naturalization. Ang pinakamadalas na mga dahilan ng pagpapaliban ay (1) hindi nakapasa sa mga pag-sulit sa Ingles at civics, at (2) ang hindi pagbibigay sa INS ng mga dokumento na kailangan namin.

Kapag ipinagpapaliban ang inyong kaso, ipapagawa sa inyo ang isa sa dalawang bagay:

(1) **Bumalik para sa pangalawang interbiyu.** Kapag hindi kayo nakapasa, sa isa o sa dalawang pag-sulit, ischedule namin na kayo ay bumalik para sa pangalawang interbiyu, sa karaniwan ay sa loob ng 60-90 araw mula sa unang interbiyu. Susubukin muli kayo sa pangalawang interbiyu. Kapag muli kayong hindi nakapasa sa (mga) pag-sulit, tatanggihan namin ang inyong aplikasyon.

(2) **Magbigay ng mga karagdagang dokumento.** Kapag kailangan namin ng karagdagang impormasyon mula sa inyo, bibigyan namin kayo ng Form N-14. Ipapaliwanag nito kung anong mga impormasyon o dokumento ang dapat ninyong ipadala sa amin, at sinasabi nito sa inyo kung kailan at paano ninyo ipadadala sa amin ang mga impormasyon.

Maaaring tanggihan namin ang inyong aplikasyon kapag hindi ninyo sinunod ang mga tagubilin.

**Tinanggihan.** Maaari ding tanggihan ng INS ang inyong aplikasyon para sa naturalization. Kapag tinanggihan ng INS ang inyong aplikasyon, makakatangap kayo ng sulat na sinasabi kung bakit ito tinanggihan.

**Ano ang maaari kong gawin kapag tinanggihan ng INS ang aking aplikasyon?** Kung sa palagay ninyo na mali ang pagtanggi sa inyo na maging mamamayan, maaari kayong humiling ng isang hearing sa isang opisyal ng INS. Ipapaliwanag sa sulat ng pagtanggi kung paano humiling ng isang "hearing" at kasama dito ang inyong kailangang form. Ang form para sa pagharap ng apela ay ang "Paghiling ng Hearing alinsunod sa Section 336 ng Batas Dahil sa Ginawang Desisyon sa mga Hakbang ng Naturalization" (Form N-336). Dapat ninyong i-file ang form sa amin kasama ang wastong bayad sa loob ng 30 araw pagkatapos ninyong matanggap ang sulat ng pagtanggi.

Kung, pagkatapos ng hearing sa inyong apela sa INS, ay naniniwala pa rin kayo na mali ang ginawa naming pagtanggi para sa inyong naturalization, maaari kayong magharap sa U.S. District Court ng petisyon para sa isang panibagong pagsisiyasat ng inyong aplikasyon.

# Ang Panunumpa

## 1. Kayo ay tatanggap ng petsa ng seremonya

Kapag inaprobahan ng INS ang inyong aplikasyon para sa naturalization, dapat kayong dumalo sa isang seremonya at gawin ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos. Ipapadala ng INS sa koreo ang abiso tungkol sa oras at araw ng seremonya.

Ang ipinadadalang abiso sa inyo ng INS ay tinatawag na "Abiso ng Seremonya ng Panunumpa para sa Naturalization" (Form No-445). Sa mga ibang kaso, kayo ay bibigyan ng INS ng opsyon na manumpa sa mismong araw ng interbiyu.

Kapag pinili ninyong manumpa sa araw ng interbiyu, pababalikan kayo ng INS sa kanilang tanggapan sa araw ding iyon.

Sa oras na iyon, kayo ay manunumpa at tatanggap ng inyong Sertipiko ng Naturalization.

## 2. Magcheck in sa seremonya

Pagdating ninyo sa seremonya, hihilingin sa inyo na magcheck in sa INS. Sikapin ninyong makarating ng maaga. Tandaan ninyo na sa kadalasan ay marami kayong kasabay na ibang taong nagpapanaturalize na dapat din magcheck in.

Kapag hindi kayo makakarating sa araw na inischedule para sa inyo, dapat ninyong ibalik ang abiso ng INS (Form N-445) sa “local office” sa inyong lugar.

## 3. Isauli ang inyong Permanent Resident Card

Dapat ninyong isauli sa INS ang inyong Permanent Resident Card kapag nagcheck in kayo para manumpa. Hindi na ninyo kailangan ang inyong Permanent Resident Card dahil makukuha ninyo sa seremonya ang inyong Sertipiko ng Naturalization.

## 4. Sagutin ang mga tanong tungkol sa mga ginawa ninyo magmula noong interbiyuhin kayo

Kapag sumobra sa isang araw ang pagitan ng interbiyu at seremonya, may mga ilang bagay na itatanong kami sa inyo Ang mga tanong na ito ay makikita sa likod ng abiso na ipapadala sa inyo ng INS (Form N-445).

Ang ilan sa mga tanong sa likod ng N-445 ay: "Kayo ba ay naglakbay sa labas ng Estados Unidos?" at " Hiniling ba ninyong malibre sa paglilingkod sa militar? Basahin nang mabuti ang mga tanong at markahan ang inyong mga sagot bago pumunta sa seremonya.

**!Mahalaga**

*Sagutin ang mga tanong sa likod ng Form N-445 para lamang sa panahon mula noong interbiyuhin kayo.*

## 5. Kayo ay manunumpa

Kayo ay hindi pa magiging isang mamamayan hanggang hindi pa ninyo nagagawa ang Panunumpa ng Katapatan. Gagawin ninyo ang Panunumpa sa seremonya. Marahang babasahin ng isang opisyal ang bawa't bahagi ng Panunumpa at hihilingin niyang ulitin ninyo ang kanyang mga sinabi. Ang Panunumpa ay makikita sa pahina 28 nitong *Guide*.

Mga pagbabago sa Panunumpa. Maaari kayong manumpa na hindi binabanggit ang mga salitang "magpapasan kayo ng baril para sa kapakanan ng Estados Unidos kung ito ay hinihingi ng batas…" kung magbibigay kayo ng sapat na katibayan na labag sa mga turo ng inyong relihiyon at sa inyong mga pinaniniwalaan ang lumaban para sa Estados Unidos.

Kapag nagbigay kayo ng sapat na katibayan at matuklasan ng INS na labag sa mga turo ng inyong relihiyon at sa inyong pinaniniwalaan ang anumang klaseng paglilingkod sa Hukbong Sandatahan, puwede ninyong hindi banggitin ang mga salitang "gumawa ng serbisio para sa Hukbong Militar ng Estados Unidos na hindi kinakailanganin maki-paglaban, kung hinihingi ng batas."

Kung matuklasan ng INS na kayo ay hindi puwedeng gumamit ng mga salitang "Nanunumpa ako" para manumpa, puwede ninyong palitan ang mga salitang ito ng "at tapat na paninindigan." At sa pangwakas, hindi ninyo babanggitin ang mga salitang "kaya tulungan mo ako Panginoon" kung matuklasan ng INS na labag sa mga turo ng inyong relihiyon at sa inyong mga pinaniniwalaan ang pagbigkas ng mga salitang ito.

Kung sa palagay ninyo ay puwede kayo para sa isang binagong panunumpa, dapat kayong sumulat sa amin kasama ng inyong aplikasyon na ipinapaliwanag ang inyong kalagayan. Maaaring hilingin sa inyo ang INS na magbigay ng isang dokumento na mula sa inyong simbahan na ipinapaliwanag ang kanilang mga pinaniniwalaan at nagsasabing kayo ay isang mabuting miyembro ng simbahan.

Kung kayo ay hindi maka-unawa o hindi ninyo maintindihan ang ibig sabihin ng "Panunumpa" dahil sa kakulangan ng pa-iisip o pisikal, maaring ang INS ay magpa-ubaya o kayo ay malibre sa mga dapat kinakailanganin nito.

**Mga titulong namamana.** Kung kayo ay nag-aangkin ng mga titulong namamana o ng katayuan bilang isang maharlika, kailangan ninyong talikuran ang mga ito sa seremonya.

## 6. Kayo ay tatanggap ng inyong Sertipiko ng Naturalization

Pagkatapos ninyong manumpa, kayo ay tatanggap ng Sertipiko ng Naturalization. Puwede ninyong gamitin ang dokumentong ito bilang katibayan na kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos.



**!Mahalaga**

*Pilit naming inirerekomenda na mag-aplay kayo kaagad para sa pasaporte ng Estados Unidos pagkatapos ng inyong seremonya para sa naturalization.*

Ang pasaporte ay nagsisilbing katibayan ng inyong pagkamamamayan at mas madaling itong dalhin kaysa sa Sertipiko ng Naturalization. At bukod dito kung mawawala ninyo ang inyong Sertipiko ng Naturalization, puwedeng umabot ng 1 taon bago kayo makatatanggap ng panibagong sertipiko. Kung wala kayong pasaporte, wala kayong katibayan ng inyong pagkamamamayan habang naghihintay kayo ng panibagong sertipiko. Sa kadalasan, kayo ay makakakuha ng aplikasyon para sa pasaporte sa inyong seremonya ng panunumpa o sa halos lahat ng post office.

# Anong Klaseng Serbisyo ang Aking Maaasahan?

Makakaasa kayong ang mga tauhan ng INS ay:
- Propesyonal
- Magalang
- Maraming kaalaman

Makakaasa kayong ang process ng naturalization ay:
- Makatarungan
- Hindi pabago-bago
- Hindi magsasayang ng panahon

Makakaasa kayong ang impormasyon tungkol sa process ng naturalization at ang lagay ng inyong aplikasyon na magiging:
- Tama
- Madaling makuha

May mga bagay ring gusto ng INS na gawin ninyo.  Dapat:
- Ninyong igalang ang mga tauhan ng INS
- Ninyong basahin ang *Isang Guide para sa Naturalization*
- Ninyong basahin at sundin ang mga tagubilin sa inyong aplikasyon
- Kayong maging handa sa bawa't hakbang ng process

## Ang Pagrereklamo Tungkol sa Serbisyo

Batid ng INS na matagal ang process ng aplikasyon sa ibang mga tanggapan.  Kasalukuyan kaming nagsisikap para iklian ang panahon ng pagprocess.

Kung may reklamo kayo tungkol sa pakikitungo sa inyo ng isang tauhan ng INS, kausapin ninyo ang kanyang pinakamalapit na superbisor, kung maaari.  Kung hindi kayo nasiyahan sa paghawak sa inyong reklamo o hindi ninyo makausap ang superbisor, puwede kayong sumulat sa Direktor ng inyong Tanggapang Pandistrito.  Ang pagharap ng reklamo ay hindi makakaapekto sa inyong pagiging-dapat para sa naturalization.

Maaari din ninyong gamitin ang "Ulat ng Reklamo" (Form 1-847).  Ang form na ito ay isang postcard na mayroon nang nakasulat na direksiyon na ipinadadala sa Punong Tanggapan ng INS sa Washington, D.C.  Puwede kayong humingi ng I-847 mula sa INS Forms Line

# Saan Ako Puwedeng Magpatulong?

Maraming mapagkukunan ng impormasyon ang mga aplikante para sa naturalization. Ang ilan sa mga ito ay ang:

**"National Customer Service Center."** Kung gusto ninyo ng karagdagang impormasyon at kayo ay naninirahan sa Estados Unidos, puwede kayong tumawag nang walang bayad sa National Customer Service Center sa (1-800-375-5283) para humingi ng tulong. Hindi lahat ng tulong ay maaaring makuha ng mga tumatawag mula sa iba't-ibang lugar.

**"Community Based Organizations" (CBOs).** Sa karamihan ng mga komunidad, may mga organisasyon na tumutulong sa mga dayuhan na gustong magpanaturalize. Madalas na nagbibigay ng mga pagtuturo sa Ingles at civics ang mga organisasyong ito. Puwede din tumulong ang mga ito sa mga dayuhan para masagot ang kanilang aplikasyon. Ang mga CBO ay maaaring magpabayad o ipagkaloob nang libre ang kanilang serbisyo.

Matatagpuan ninyo ang isang CBO sa pagtawag sa local office ng INS. Puwede din ninyong tingnan ang direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Immigration and Naturalization Consultants" o kausapin ang mga ibang dayuhan na naturalized na.

**!Mahalaga**

*Dapat ninyong tiyakin na maaasahan at may mabuting reputasyon ang organisasyon o ang abogadong kakausapin ninyo. Ang isang paraan para makatiyak sa kalidad ng isang CBO ay hingan sila ng mga reperensiya o magtanong kung sila ay may accreditation mula sa "Board of Immigration Appeals" (BIA).*

**INS Internet Home Page.** Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa naturalization, i-download ang Form N-400 at itong *Guide*, at kumuha ng iba pang mga impormasyon mula sa INS web site sa http://www.ins.usdoj.gov.

**Mga Abogadong Pang-Imigrasyon.** Kung may mga tanong kayo tungkol sa kung kayo ay maaari para sa naturalization, siguro, dapat ninyong kausapin ang isang abogadong pang-imigrasyon. Karaniwan na nakalista ang mga abogado sa direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Lawyers" o "Attorneys". Sa kadalasan, ang direktoryo ng telepono ay may listahan ayon sa kanilang kasanayan. Makakakuha din kayo ng mga abogado na tumutulong sa mga dayuhan sa pagtingin sa direktoryo sa ilalim ng "Immigration and Naturalization."

**INS Information Counters.** Kung may mga tanong kayo na hindi masagot sa *Guide* na ito o ng ibang mga pinagkukunan ng impormasyon na nakalista dito, maaari rin kayong pumunta sa information counter sa local office ng INS na nasa inyong lugar. Doon ay maaari kayong makipag-usap sa isang tauhan ng INS.

# Listahan ng mga Salita (o tawag na ginagamit) at ng mga Ibig Sabihin nito

***Isang Guide para sa Naturalization*** - Ang brochure na binabasa ninyo ay ang *Isang Guide para sa Naturalization*.

**Aggravated felony** - Karaniwang tinutukoy ang mga mabigat na krimen. Kung kayo ay may nagawang "aggravated felony," (matinding katampalasan) maaaring kayo ay permanenteng hindi puwedeng makapagpanaturalize. Ang Batas na nauukol sa Imigrasyon at Pagkamamamayan at ang mga batas sa bawa't estado and nagpapasiya kung ano ang itinuturing na isang "aggravated felony."

**Application Support Center (ASC)** - Mga tanggapan ng INS na ang mga aplikante ay karaniwang kinukunan ng fingerprint. Sa oras na kayo ay nag-file sa INS ng inyong aplikasyon, kayo ay tatanggap ng abiso na sinasabi sa inyo kung aling ASC ang nasa inyong lugar.

**AR-11, Card na Nauukol sa Pagpapalit ng Direksiyon ng isang Banyaga** - Ito ang form na ginagamit ninyo para ipaalam sa INS kapag kayo ay lumipat sa isang bagong direksiyon. Ang AR-11 ay mayroon nang nakasulat na direksiyon ng INS. Napakahalaga na ipaalam ninyo sa INS kapag nagbago an inyong tirahan. Para sa gayon ay matatanggap ninyo ang mga impormasyon na ipinadadala namin sa inyo, kabilang ang mga notice para sa interbiyu at ang mga paghiling ng mga karagdagang dokumento.

**Sertipiko ng Naturalization** - Isang sertipiko na binibigay sa seremonya para sa panunumpa. Ito ang nagpapatibay ng inyong pagkamamamayan. Inirerekomenda rin ng INS na kayo ay kumuha ng pasaporte ng Estados Unidos bilang katibayan na kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos.

**Community Based Organization (CBO)** - Mga organisasyon na tumutulong sa mga dayuhan na bagong dating sa Estados Unidos o sa mga dayuhan na dumaraan sa process ng pagpapanaturalize. Maraming mga CBO ang tutulong sa inyong sagutin ang inyong aplikasyon at magtuturo sa inyo ng mga gagawin ninyo sa process ng pagpapanaturalize. Maaaaring magpabayad para sa kanilang mga serbisyo ang mga CBO o maaaring walang bayad ang kanilang mga serbisyo.

**Saligang Batas** - Ang pinakamataas na batas ng Estados Unidos. Ito ay maaaring baguhin lamang sa pamamagitan ng pagsususog ng Kongreso at pagkakapagpatibay ng $3/4$ ng mga estado.

**Ipinagpapaliban** - Isa sa tatlong bagay na maaaring mangyari sa inyong kaso pagkatapos ng inyong interbiyu (inaprobahan, tinanggihan, o ipinagpapaliban). Kung ipinagpapaliban ang inyong kaso, ito ay ipinagpapaliban sa ibang panahon hanggang kayo o ang INS ay mayroon pang karagdagang gagawin. Kung ipinagpapaliban ang inyong kaso, maaaring hilingin sa inyo ng INS na kayo ay magbigay na mga karagdagang dokumento o bumalik muli para sa interbiyu.

**Patuloy na Paninirahan** - Isang mahalagang kinakailangan para sa naturalization. Maaaring maputol ang "patuloy na paninirahan" kung kayo ay magbibiyahe sa labas ng bansa at magtatagal ng 6 buwan o mas matagal pa.

**Tinanggihan** - Isa sa tatlong bagay na maaaring mangyari sa inyong kaso pagkatapos ng interbiyu (inaprobahan, tinanggihan, o ipinagpapaliban). Kung tinanggihan ang inyong aplikasyon, hindi ninyo nagawa ang mga kinakailangan para sa naturalization.

**Mga distrito** - Ang pagpapartisyon sa Estados Unidos sa iba't-ibang rehiyon na ginagamit ng INS. Mayroong 33 distrito ng INS sa Estados Unidos.

**G-28, Notice Tungkol sa Pagharap Bilang Abogado o Kinatawan** - Ang form na dapat ninyong i-file na sabay ng inyong N-400 kung gusto

ninyong magsama ng isang abogado kinatawan sa interbiyu sa INS.

**Mabuting Pagkatao** - Ang mabuting pagkatao ay isang mahalagang kinakailangan para sa naturalization. Kapag pinagpapasiyahan kung ang isang aplikante ay may "mabuting pagkatao," magiging mahigpit ang INS sa mga bagay na tulad ng pagiging matapat at ang mga criminal record.

**Inaprobahan** - Isa sa tatlong bagay na maaaring mangyari sa inyong kaso pagkatapos ng interbiyu (inaprobahan, tinanggihan o ipinagpapaliban). Kung kayo ay maaaring manaturalize, inaprobahan ang inyong aplikasyon. Kayo ay magiging isang mamamayan ng Estados Unidos pagkatapos ng inyong Panunumpa ng Katapatan.

**I-847, Ulat ng Reklamo** - Puwede ninyong gamitin ang form na ito kung kayo ay may reklamo tungkol sa serbisyo ng INS. Ang I-847 ay isang postcard na ipinadadala sa punong-tanggapan ng INS sa Washington, D.C.

**INS Forms Line** - Ang INS Forms Line ang namamahagi ng lahat ng form para sa imigrasyon at naturalization. Maaari ninyong tawagan ang Forms Line sa 1-800-870-3676 para padalhan kayo ng anumang form ng INS, kasama na ang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400).

**INS Information Counter** - Ang mga tanggapan ng INS ay may mga "information counter" na may mga kawani ng INS na kilala bilang Immigration Information Officers (mga IIO). Malalapitan ang mga IIO para sagutin ang inyong mga tanong tungkol sa naturalization.

**N-400, Aplikasyon para sa Naturalization** - Ang N-400 ay ang aplikayon na ginagamit ng lahat ng tao na may 18 taong gulang o mas matanda pa para sa pagpapanaturalize.

**N-445, Notice ng Seremonya ng Panunumpa para sa Naturalization** - Kung inaprobahan na ang inyong pagpapanaturalize, makakatanggap kayo ng N-445 na ipinapa-alam sa inyo kung kailan at saan gaganapin ang seremonya para sa inyong panunumpa. Sa likod ng form ay may mga tanong na dapat ninyong sagutin bago kayo magcheck in sa sermonya.

**N-470, Aplikasyon para Panatilihin ang Paninirahan para sa mga Layunin ng Naturalization** - Ang N-470 ay isang form na maaaring gamitin ng isang maliit na grupo ng mga tao na lumalabas ng bansa ng mas matagal pa sa isang taon para mapanatili ang kanilang "patuloy na paninirahan."

**N-565, Aplikasyon para Palitan ang Dokumento sa Naturalization/Pagkamamamayan** - Kung nawala ninyo ang inyong Sertipiko ng Naturalization at ang inyong Sertipiko ng Pagkamamamayam, maaari kayong mag-file ng isang N-565 para makakuha ng bagong dokumento. Ang process na ito ay maaaring tumagal ng isang taon, kaya pinapayuhan ng INS ang mga naturalized na mamamayan na kumuha rin ng isang pasaporte ng Estados Unidos bilang katibayan ng kanilang pagiging mamamayan ng Estados Unidos.

**N-600, Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan** - Kung kayo ay isang mamamayan dahil sa pagkakapanganak o alinsunod sa batas, maaari kayong humihing ng N-600 para makakuha kayo ng isang Sertipiko ng Pagkamamamayan. Ito ay para sa mga taong ipinanganak sa labas ng Estados Unidos na ang mga magulang ay mga mamamayan ng Estados Unidos at sa mga taong naging mamamayan ng Estados Unidos batay sa pagkakanaturalize ng kanilang mga magulang.

**N-648, Sertipikasyong Medikal para sa mga Eksepsiyon Dahil sa Pagkabaldado** - Ang form na ginagamit para mag-aplay ng eksepsiyon dahil sa pagkabaldado. Kung kayo ay may kapansanan na humahadlang sa inyong tuparin ang mga kinakailangan para sa Ingles at civics, dapat ninyong pasagutan at papirmahan ang N-648 sa isang lisensiyadong doktor ng medisina o doktor na espesyalista sa osteopathy o sa isang lisensiyadong "clinical psychologist." Dapat ninyong isama sa inyong aplikasyon ang N-648.

**Naturalization** - Ang Naturalization ay isang process na ang mga dayuhan ay nagiging mamamayan.

**Listahan ng mga Tanong para Malaman Kung Kayo ay Maaari para sa Naturalization** - Isang

listahan na puwede ninyong gamitin para malaman kung kayo ay maaari para sa naturalization. May listahan ng mga tanong na nasa likod na bulsa nitong *Guide*. Huwag ninyong ipadala sa INS itong listahan ng mga tanong sa anumang oras; ito ay para sa inyong paggamit lamang.

**Seremonya para sa Panunumpa** - Para maging isang naturalized na mamamayan ng Estados Unidos, dapat kayong dumalo sa isang seremonya para gawin ninyo ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos.

**Ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos** - Ang gagawin ninyong panunumpa para maging isang mamamayan. Kapag ginawa ninyo ang Panumumpa ng Katapatan sa Estados Unidos, kayo ay nangangakong tatalikuran ninyo ang inyong katapatan sa mga ibang bansa at itataguyod at ipagtatanggol ang Estados Unidos, ang Saligang Batas, at ang ating mga batas. Dapat kayong makapanumpa at naiintindihan ninyo ang Panunumpa ng Katapatan para maging isang naturalized na mamamayan.

**Malalayong Possessions** - Ang kasalukuyang malalayong possessions ng Estado Unidos ay and American Samoa at ang Swains Island.

**Permanent Resident** - Ang isang Permanent Resident ay ang taong napagkalooban ng katayuang permanent resident sa Estados Unidos at may (o naghihintay ng) Permanent Resident Card.

**Permanent Resident Card** - Ang Permanent Resident Card ay isang dokumento ng INS na kinikilala ang isang tao bilang isang Permanent Resident. Ang Permanent Resident Card ay maaaring tawaging Form I-151 o Form I-551. Ang Permanent Resident Card ay dating kilalang Alien Registration Card o "green card."

**Pagkakatigil** - Ang pagkakatigil sa Estados Unidos ay isang mahalagang kinakailangan para maging karapat-dapat para sa naturalization. Ang karamihan sa mga aplikante para sa naturalization ay dapat manatili sa Estado Unidos ng mga ilang panahon para matupad nila ang kinakailangang "pagkakatigil" para sa naturalization. Maliban sa mga ibang kaso, ang mga panahon na kayo ay nasa labas ng Estados Unidos; kahit na kayo ay pumunta sa Canada o Mexico nang saglit, ay hindi isinasama sa panahon ng inyong "pagkakatigil."

**Port-of-Entry** - Ang Port-of-Entry ay ang lugar na inyong pinasukan nang legal o ang lugar na kung saan pinalitan ang inyong katayuan para maging isang Permanent Resident.

**Selective Service** - Ang Selective Service ay ang ahensiya pederal na nagbibigay ng mga tauhan sa U.S. Armed Forces sa panahon ng emergency. Sa karaniwan, ang mga lalaking aplikante ay dapat magrehistro sa Selective Service bago mag-aplay para sa naturalization. Tingnan ang mga pahina 29 para sa impormasyon tungkol sa kung sino ang kailangang magparehistro, paano magparehistro, at ano ang gagawin kung kayo ay kinakailangang magparehistro pero hindi ninyo ginawa ito, o tawagan ang Selective Service sa 1-847-688-6888 para sa karagdagang impormasyon.

**Mga Service Center** - May apat na Service Center and INS sa Estados Unidos. Dapat ninyong ipadala ang inyong aplikasyon para sa naturalization sa isa sa mga Service Center na ito. Tingnan ang pahina 35 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Service Center na dapat ninyong padalhan ng inyong aplikasyon.

**Isang national ng Estados Unidos (pero hindi isang mamamayan ng Estados Unidos)** - Ang isang taong may pinanumpaang pirmihang katapatan sa Estados Unidos, at maaaring magpanaturalize batay sa kanyang paninirahan sa isang malayong possession ng Estados Unidos.

**Pasaporte ng Estados Unidos** - Ang pasaporte ng Estados Unidos ay isang dokumentong sinasabi na kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos. Ang mga naturalized na mamamayan ay hinihimok na kumuha ng pasaporte sa lalong madaling panahon pagkatapos na sila ay makapagpanaturalize.

# Listahan ng mga Dokumento

**Dapat isama ng <u>lahat</u> ng mga aplikante ang sumusunod na tatlong bagay sa kanilang N-400 application:**

**1.** Isang photocopy ng harap at likod ng inyong Permanent Resident Card (dating tinatawag na Alien Registration Receipt Card o "Green Card"). Kung nawala ninyo ang card, magsubmit ng isang photocopy ng resibo ng inyong Form I-90, Aplikasyon Para Palitan ang Alien Registration Receipt Card;

**2.** Dalawang (2) magkahawig na litratong de-color at sa likod ng bawa't isa ay nakasulat nang hindi madiin sa lapis ang inyong pangalan at ang "A" number. Para sa mga impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa litrato, basahin ang bahagi 5 ng *Isang Guide para sa Naturalization* at ang mga tagubilin para sa Form M-378 na ibinigay kasabay ng inyong aplikasyon. Huwag magsusuot ng salamin at ng mga hikaw sa litrato. Bigyan ng pansin na kung kinakailangan sa inyong relihiyon na takpan ninyo ang inyong ulo, dapat pa ring ipakita ang inyong mukha at ang inyong kanang tainga sa litrato para sa mga layunin ng pagkakakilanlan; AT

**3.** Isang tseke o money order para bayad sa aplikasyon at bayad sa pagpapafingerprint na sinasabi sa M-479 Mga Kasalukuyang Bayad para sa Naturalization na kalakip sa *Guide*. (Ang mga aplikante na 75 taong gulang o mas matanda pa ay hindi na kailangang magpafingerprint at magbayad para dito). Isulat ang inyong "A" number sa likod ng tseke o money order.

**Ipadala ang MGA KOPYA ng mga sumusunod na dokumento,
maliban kung hilingin namin ang orihinal**

**Kung ang isang abogado o isang acccredited na kinatawan ang nag-aasikaso para sa inyo, ipadala ang:**

❑ Sinagot na <u>orihinal</u> na Form G-28, "Notice Tungkol sa Pagharap Bilang Abogado o Kinatawan."

**Kung ang kasalukuyan ninyong legal na pangalan ay iba sa pangalan na nasa inyong Permanent Resident Card, ipadala ang:**

❑ (Mga) dokumento na nagpapatunay na legal ang pagpalit ng inyong pangalan (sertipiko ng pagkakasal, dukumento ng diborsyo, or dokumento ng hukuman)

**Kung kayo ay nag-aaplay para sa naturalization batay sa inyong pagkakasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos, ipadala ang sumusunod na apat na bagay:**

1. Katibayan na ang inyong asawa ay isang mamamayan nitong nakaraang 3 taon:
   - sertipko ng kapanganakan (kung hindi nawala sa kanya ang kanyang pagkamamamayan magmula ng siya ay ipanganak), O
   - sertipiko ng naturalization, O
   - sertipiko ng pagkamamamayan, O
   - ang loob ng takip ng kasalukuyang pasaporte ng inyong asawa at ang pahina na ipinapakita ng kanyang pirma, O
   - Form FS 240, "Ulat ng Pagkakapanganak sa Ibang Bansa ng isang Mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika."

2. Ang inyong kasalukuyang sertipiko ng pagkakasal; AT

3. Katibayan na winakasan ang LAHAT ng naunang pagkakasal ng inyong asawa (mga dukumento ng diborsyo, pagpapawalang bisa sa kasal, o sertipiko ng pagkamatay), AT

4. Mga dokumento na tinutukoy kayong mag-asawa:
   - mga dokumento ng pagbabayad ng buwis, mga ulat ng bangko, mga kontrata sa upa, mga sangla, o mga sertipiko ng kapanganakan ng inyong mga anak, O
   - mga kopya ng mga dokumento sa buwis na pinatunayan ng IRS na nai-file ninyong dalawa nitong nakaraang 3 taon, O
   - isang IRS tax return transcript nitong nakaraang 3 taon.

**(MAY KARUGTONG)**

**Kung dati kayong may asawa, ipadala ang:**

- ❑ Katibayan na nagwakas ang lahat na nakalipas ninyong pagkakasal, (mga) dukumento ng diborsyo, (mga) pagpapawalang bisa sa kasal, o sertipiko ng pagkamatay.

**Kung dati kayong naglingkod sa militar ng Estados Unidos, ipadala ang:**

- ❑ Sinagot na <u>orihinal</u> na Form G-325B, "Impormasyon Tungkol sa Tao"

**Kung kayo ay kasalukuyang naglilingkod sa militar ng Estados Unidos at gusto ninyong maging isang mamamayan batay sa paglilingkod na iyon, ipadala ang:**

- ❑ Sinagot na <u>orihinal</u> na Form N-426, "Paghiling ng Sertipikasyon na Naglingkod sa Militar o sa Navy," AT

- ❑ Sinagot na <u>orihinal</u> na Form G-325B, "Impormasyon Tungkol sa Tao."

**Kung kayo ay nakapaglakbay sa labas ng Estados Unidos na nagtagal ng 6 buwan o mas matagal pa magmula ng kayo ay maging isang Permanent Resident, magpadala ng katibayan na kayo (o ang inyong pamilya) ay patuloy na naninirahan, nagtatrabaho, at/o may kaugnayan sa Estados Unidos, katulad ng:**

- ❑ Isang kopya ng IRS tax return o isang tax return na pinatunayan ng IRS na nakalista ang mga impormasyon tungkol sa buwis sa loob nitong nakaraang 5 taon (o sa loob nitong nakaraang 3 taon kung kayo ay nag-aaplay batay sa inyong pagkakasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos.)

- ❑ Bayad sa upa o sa sangla at resibo ng bayad

**Kung kayo ay may asawa o mga anak na sustentado ninyo na hindi ninyo kasama sa bahay, ipadala ang:**

- ❑ Mga utos ng hukuman o gobyerno na inuutusan kayong magbayad ng sustento; AT

- ❑ Katibayan ng inyong pagsusustento (kabilang ang katibayan na tinupad ninyo ang anumang utos ng hukuman o gobyerno), katulad ng:
  - mga kanseladong tseke
  - mga resibo ng money order
  - isang printout galing sa hukuman o ahensiya ng gobyerno ng mga bayad na sustento sa anak
  - mga katibayan ng pagbabawas sa inyong suweldo
  - isang sulat mula sa magulang o tagapag-alaga ng inyong mga anak

**Kung "Oo' ang sagot ninyo sa alinman na mga tanong mula 1 hanggang 15 sa Bahagi 7, ipadala ang:**

- ❑ Paliwanag na nakasulat sa hiwalay na papel.

**Kung "Hindi" ang sagot ninyo sa alinman sa mga tanong mula 1 hanggang 5 sa Bahagi 8, ipadala ang:**

- ❑ Paliwanag na nakasulat sa hiwalay na papel.

**Kung kayo ay na-aresto o ikinulong ng kahit sinong alagad ng batas para sa anumang dahilan at <u>walang kasong isinampa laban sa inyo</u>, ipadala ang:**

- ❑ <u>Orihinal</u> na opisyal na ulat ng umarestong ahensiya o naaangkop na hukuman na nagpapatibay na walang kasong isinampa laban sa inyo

**Kung kayo ay na-aresto o ikinulong ng kahit sinong alagad ng batas sa anumang dahilan at <u>may kasong isinampa laban sa inyo</u>, ipadala ang:**

- ❑ <u>Orihinal</u> o kopyang sertipikado ng hukuman ng kumpletong record ng pag-aresto at ang kinahinatnan para sa bawa't pangyayari (utos na nagpawalang bisa sa kaso, record ng pagkakahatol, O utos ng pagpapawalang-sala).

**Kung kayo ay nahatulang may sala o kayo ay binigyan ng ibang programa ng pagsentensiya o programang pangrehabilitasyon (tulad ng programa para gamutin ang pagkagumon sa drugs o ang paglilingkud sa kumunidad, ipadala ang:**

- ❑ <u>Orihinal o kopyang sertipikado ng hukuman</u> ng record ng pagsentensiya para sa bawa't pangyayari; AT

- ❑ Katibayan na nakumpleto ninyo ang inyong sentensiya:
  - Isang <u>orihinal o sertipikadong kopya</u> ng inyong probation o parole record, O
  - Katibayan na nakumpleto ninyo ang ibang programa ng pagsentensiya o programang pangrehabilitasyon.

**Kung kayo ay naaresto o nahatulan at ito ay napawalang bisa, isinasantabi, isinara,binura, o tinanggal sa talaan sa anumang paraan, ipadala ang:**

- ❑ <u>Orihinal</u> o kopyang sertipikado ng hukuman na nagpawalang bisa, pina-isangtabi, isinara, binura o nag-alis sa pagka-aresto o pagkahatol, O isang orihinal na ulat mula sa hukuman na walang record ang pagka-aresto o pagkahatol sa inyo.

**(MAY KARUGTONG)**

**Kung kayo ay hindi nakapag-file ng inyong income tax return mula nang kayo ay naging isang Permanent Resident, ipadala ang:**

- ❑ Lahat ng mga sulat sa Internal Revenue Service (IRS) tungkol sa inyong hindi pag-file ng income tax.

**Kung kayo ay mayroon pang hindi nababayarang mga buwis pangpederal, pang-estado, o pangpook, ipadala ang:**

- ❑ Pinirmahang kasunduan mula sa IRS o estado o pampook na tanggapang pambuwis na ipinapakita na kayo ay nag-file ng inyong income tax at nakipag-ayos para bayaran ang inyong mga utang na buwis, AT

- ❑ Sulat mula sa IRS o estado o pampook na tanggapang pangbuwis na ipinapakita ang kasalukuyang kalagayan ng inyong programa sa pagbayad ng buwis.

**Kung kayo ay nag-aaplay para malibre sa mga kinakailangang pagsubok dahil sa inyong pagkabaldado, ipadala ang:**

- ❑ Orihinal na Form N-648, "Sertipikasyong Medikal para sa mga Eksepsiyon Dahil sa Pagkabaldado," na sinagutan na hindi nagtatagal sa 6 buwan ng isang lisensiyadong doktor ng medisina o doktor na espesyalista sa osteopathy o ng isang lisensiyadong clinical psychologist..

**Kung kayo ay hindi nagparehistro sa Selective Service at kayo ay 1) lalaki, 2) 26 taong gulang o mas matanda pa, at 3) nanirahan sa Estados Unidos sa isang kalagayang maliban sa legal na non-immigrant sa pagitan ng 18 at 26 taong gulang, ipadala ang:**

- ❑ Isang "Status Information Letter" mula sa Selective Service (Tumawag sa 1-847-688-6888 para sa karagdagang impormasyon).

# Kasalukuyang mga Bayad para sa Naturalization

| | |
|---|---|
| Ang bayad para sa pag-file ng inyong aplikasyon para magpa-naturalized ay: | $320 |
| Ang bayad para magpafingerprint ay:* | +$70 |
| | $390 |

Dapat ninyong bayaran ito sa pamamagitan ng tseke o money order na makukuha sa isang bangko sa Estados Unidos at ang binabayaran ay ang "Immigration ng Naturalization Service." Ang INS ay hindi tumatanggap ng kas.

Dapat bayaran ng mga naninirahan sa Guam ang "Treasurer, Guam", at dapat bayaran ng mga naninirahan sa Virgin Islands ang "Commissioner of Finance of the Virgin Islands."

Dapat ninyong ipadala ang inyong bayad kasama ng inyong aplikasyon. Tandaan ninyo na hindi na ibabalik ang inyong bayad kahit na bawiin ninyo ang inyong aplikasyon o tinanggihan ng INS ang inyong kaso.

*Kung kayo ay 75 taong gulang o mas matanda pa o kung kayo ay nagpa-file mula sa ibang bansa, HUWAG ilalakip sa inyong aplikasyon ang $25 na pambayad para sa pagpapafingerprint.

 OMB No. 1115-0009

# Mga Tagubilin Para Sa Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

## Ano ang hangarin nitong listahan ng mga tanong?

Ang kalakip na "Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo ay Maaari Para Sa Naturalization" ay tutulong sa inyong malaman kung kayo ay maaaring mag-aplay para sa naturalization. **Huwag ninyong ipadala sa INS ang sinagot ninyong listahan ng mga tanong.**

## Sino ang NARARAPAT sumagot nitong listahan ng mga tanong?

Nararapat kayong sumagot dito sa listahan ng mga tanong kung kayo ay 18 taong gulang o mas matanda pa at inyong pinag-iisipan ang mag-aplay para sa naturalization batay sa mga taon na kayo ay isang Permanent Resident.

## Sino ang HINDI NARARAPAT gamitin itong listahan ng mga tanong?

HUWAG ninyong gamitin itong listahan ng mga tanong kung kayo ay:

- Wala pa sa 18 taong gulang at gusto ninyong mag-aplay para sa naturalization batay sa pagkamamamayan ng inyong mga magulang o mga magulang na umampon sa inyo (tingnan ang mga tanong 25-26 sa mga pahina 14-16 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon kung paano maging isang mamamayan).

- Isang Permanent Resident na namatay ang inyong asawa na mamamayan ng Estados Unidos habang siya ay active duty sa U.S. Armed Forces (tingnan ang mga pahina 18-19 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para sa naturalization).

- Nag-aplay para sa naturalization batay sa inyong active duty service sa U.S. Armed Forces (tingnan ang mga pahina 18-19 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para sa naturalization).

- Asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos na (a) miyembro ng U.S. Armed Forces, (b) empleyado ng Gobyerno ng Estados Unidos o taong nakakontrata dito, (c) empleyado ng isang Amerikanong surian ng pananaliksik, (d) empleyado ng isang kompanya na pag-aaring Amerikano, (e) empleyado ng isang pangmadlang internasyonal na organisasyon, o (f) isang pare o pastor (tingnan ang mga pahina 20-21 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon).

## Mga Tagubilin para sa Listahan ng mga Tanong:

1. Sagutin ang mga tanong sa listahan sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa "Totoo" o "Hindi Totoo." Kung ang sagot ninyo ay "Hindi Totoo" sa ilan sa mga tanong, maaaring kayo ay pasasagutin ng mga karagdagang tanong sa mga pahina 3-4. Ang karamihan ng mga aplikante ay HINDI kinakailangang sagutin ang mga tanong sa mga pahina 3-4.

2. Kung sinagot ninyo ang listahan ng mga tanong at sa inyong palagay ay maaari kayo para sa naturalization, mangyaring tawagan ang INS Forms Line (1-800-870-3676) para humiling ng aplikasyon (Form N-400), o i-download ang form sa internet sa http://www.ins.usdoj.gov.

3. Kung sinagot ninyo ang listahan ng mga tanong at kayo ay mayroon pang mga tanong tungkol sa kung maaari kayo para sa naturalization, dapat ninyong basahin ang *Isang Guide para sa Naturalization.* Baka sakali ring gusto ninyong humingi ng payo mula sa isang immigration assistance organization o abogadong pang-imigrasyon.

# Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

Totoo | Hindi Totoo

1. Ako ay hindi mas bata pa sa 18 taong gulang.
   - Hindi Totoo → STOP → Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization.

2. Ako ay isang Permanent Resident sa Estados Unidos, at ako ay may Permanent Resident Card (dating tinatawag na Alien Registration Card).
   - Hindi Totoo → STOP → Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization.

3. Ako ay isang Permanent Resident ng:
   - 5 taon o mas matagal pa* → (tanong 4)
   - 3 hanggang 5 taon* → Tingnan ang Attachment A sa pahina 3
   - wala pang 3 taon → STOP → Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization.

Totoo | Hindi Totoo

4. Nitong nakaraang 5 taon, ako ay HINDI lumabas ng Estados Unidos na tumagal ng 30 buwan o mas matagal pa.
   - Hindi Totoo → STOP → Para sa mga eksepsiyon, tingnan ang Attachment B sa pahina 3.

5. Magmula nang ako ay naging isang Permanent Resident, ako ay hindi nagbiyahe sa labas ng Estados Unidos na tumagal ng 1 taon o mas matagal pa.
   - Hindi Totoo → STOP → Para sa mga eksepsiyon, tingnan ang Attachment C sa pahina 3.

6. Ako ay naninirahan sa distrito o estado na aking pinag-aaplayan para sa pagkamamamayan nitong nakaraang 3 buwan.
   - Hindi Totoo → STOP → Kailangan munang maghintay. Dapat nakatira kayo sa estado o distritong iyon nang 3 buwan bago mag-apply.

7. Ako ay marunong magbasa, magsulat at magsalita ng simpleng Ingles.
   - Hindi Totoo → STOP → Para sa mga eksepsiyon, tingnan ang Attachment D sa pahina 4.

8. Nalalaman ko ang mga simulain ng kasaysayan ng Estados Unidos at ang klase at mga prinsipyo ng gobyerno ng Estados Unidos.
   - Hindi Totoo → STOP → Para sa mga eksepsiyon, tingnan ang Attachment E sa pahina 4.

**Pumunta sa tanong 9.**

* Ang mga aplikante para sa naturalization ay puwedeng mag-file ng kanilang aplikasyon 90 araw bago pa nila makumpleto ang kinakailangang "patuloy na paninirahan."

# Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

| | Totoo | Hindi Totoo | |
|---|---|---|---|
| 9. Ako ay may mabuting pagkatao. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 10. Totoo ang isa sa mga sumusunod:<br>(a) Ako ay isang babae; O<br>(b) Ako ay isang lalaki na nakarehistro sa Selective Service; O<br>(c) Ako ay isang lalaki na hindi pumasok sa Estados Unidos batay sa anumang katayuan hanggang pagkalipas ng aking ika 26 taong gulang na kaarawan, O<br>(d) Ako ay isang lalaki na nasa Estados Unidos nang ako ay nasa pagitan ng 18 at 26 taong gulang pero hindi ako nagrehistro sa Selective Service at ilalakip ko sa aking aplikasyon ang isang "Status Information Letter" na mula sa Selective Service na nagpapaliwanag kung bakit. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 11. Sa kailanman ay hindi ako tumakas sa U.S. Armed Forces. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 12. Sa kailanman ay hindi ako tumanggap ng exemption o discharge mula sa U.S. Armed Forces dahil ako ay isang banyaga. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 13. Ako ay handang maglingkod sa militar O bilang sibilyan para sa Estados Unidos kung iniuutos ng batas. (Bigyan ng pansin: kung ipinagbabawal sa inyo ng mga turo ng inyong relihiyon o ng inyong mga pinaniniwalaan na kayo ay maglingkod sa militar, kailangang handa kayong maglingkod sa mga tungkulin na hindi pangsundalo.) | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 14. Itataguyod ko ang Saligang-batas ng Estados Unidos. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| 15. Naiintindihan ko ang panunumpa ng katapatan sa Estados Unidos at handa akong gawin ito. | ☐ | ☐ STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

HUMINTO DITO: Malamang na kayo ay maaaring mag-aplay para sa naturalization.
Mangyaring tawagan ang Forms Line (1-800-870-3676) para sa isang "Aplikasyon para sa Naturalization" (Form N-400) at siguraduhin ninyong basahin ang *Isang Guide para sa Naturalization*.

# Attachment A — Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

## Ako ay isang Permanent Resident ng 3 hanggang 5 taon na.

| | Totoo | Hundi Totoo | |
|---|---|---|---|
| Ako ay kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos at nagsasama kami. | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| Ako ay kasal sa aking asawa na mamamayan ng Estados Unidos na hindi kumukulang sa 3 taon. | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| Ang aking asawa ay isang mamamayan ng Estados Unidos na hindi kumukulang sa 3 taon. | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| Nitong nakaraang 3 taon, ako ay hindi lumabas ng bansa na nagtatagal ng 18 buwan o mas matagal pa. | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

Kung ang sagot ninyo ay "totoo" sa lahat ng 4 ng tanong, pumunta sa tanong 5 sa pahina 1.

# Attachment B

## Ako ay lumabas ng bansa na nagtagal ng 30 buwan o mas matagal pa.

| | Totoo | Hindi Totoo | |
|---|---|---|---|
| Ako ay: (a) nagtrabaho sa isang barkong pinamamahalaan ng Estados Unidos o nakarehistro sa Estados Unidos, **O** (b) isang empleyado ng gobyerno ng Estados Unidos o isang taong nakakontrata dito, **O** (c) isang pastor o pare para sa isang relihiyon o isang organisasyon na binubuo ng iba't-ibang relihiyon na may balidong dahilan na naririto sa Estdos Unidos | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

Kung ang sagot ninyo ay "totoo", tingnan ang mga pahina 20-21 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para makakuha ng karagdagang impormasyon at pumunta sa tanong 5 sa pahina 1.

# Attachment C

## Ako ay lumabas ng bansa na tumagal ng isang taon o mas matagal pa.

| | Totoo | Hindi Totoo | |
|---|---|---|---|
| Magmula ng ako ay naging isang Permanent Resident, ako ay hindi nagbiyahe sa labas ng Estados Unidos na nagtagal ng 1 taon o mas matagal pa na walang inaprobahang "Aplikasyon para Panatilihin ang Paninirahan para sa mga Layunin ng Naturalization" (Form N-470). | ☐ ↓ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

Bigyan ng pansin: may mga ilang tao lamang ang makakagamit ng N-470. Tignan ang mga pahina 18-21 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon.

Kung ang sagot ninyo ay "totoo", pumunta sa tanong 6 ng pahina 1.

# Attachment D — Listahan Ng Mga Tanong Para Malaman Kung Kayo Ay Maaari Para Sa Naturalization

## Ako ay hindi marunong magbasa, magsulat, o magsalita ng simpleng Ingles.

| | Totoo | Hindi Totoo | |
|---|---|---|---|
| Ako ay mas matanda pa sa 50 taong gulang at naninirahan sa Estados Unidos na hindi kumukulang sa 20 taon magmula ng ako ay naging isang Permanent Resident, **O** | ☐ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| Ako ay mas matanda pa sa 55 taong gulang at naninirahan Estados Unidos na hindi kumukulang sa 15 taon magmula ng ako ay naging isang Permanent Resident, **O** | ☐ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |
| Ako ay may kapansanan na humahadlang sa akin para makumpleto itong kinakailangan at ako ay magpa-file ng isang "Sertipikasyong Medikal para sa mga Eksepsiyon Dahil sa Pagkabaldado" (form N-648) na sinagutan at pinirmahan ng isang doktor na kalakip ang aking aplikasyon. | ☐ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

Bigyan ng pansin: may mga ilang tao lamang ang makakagamit nitong pagkakalibre. Tingnan ang mga pahina 26-27 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon.

Kung ang sagot ninyo sa isa sa mga tanong dito ay "totoo", pumunta sa tanong 8 sa pahina 1.

# Attachment E

## Ako ay may kapansanan na humahadlang sa akin na sapatin ang kinakailangang kaalaman tungkol sa civics.

| | Totoo | Hindi Totoo | |
|---|---|---|---|
| Ako ay may kapansanan na humahadlang sa akin para makumpleto ang hinakailangang kaalaman tungkol sa civics, at ako ay magpa-file ng isang "Sertipikasyong Medikal para sa mga Eksepsiyon Dahil sa Pagkabaldado" (Form N-648) na sinagot at pinirmahan ng isang doktor na kalakip sa aking aplikasyon. | ☐ | ☐ → STOP → | Kayo ay hindi maaaring mag-aplay para sa naturalization. |

Bigyan ng pansin: may mga ilang tao lamang ang makakagamit nitong pagkakalibre. Tingnan ang mga pahina 26-27 sa *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon.

Kung ang sagot ninyo sa tanong ay "totoo", pumunta sa tanong 9 sa pahina 2.

OMB No. 1115-0009

# "Guide" na Dapat Pag-aralan na May kaugnayan sa Naturalization

Para maging karapat-dapat para sa naturalization, dapat na marunong kayong magbasa, magsulat, at magsalita ng simpleng Ingles. Dapat na kayo ay mayroon ding simpleng kaalaman tungkol sa Kasaysayan at Gobyerno ng Estados Unidos. Tingnan ang mga pahina 26-27 ng *Isang Guide para sa Naturalization* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para sa Ingles at civics.

Ang mga tanong sa mga sumusunod na pahina ay mga **halimbawa** ng mga maaaring itanong sa inyo ng opisyal ng INS sa interbiyu sa inyo.

Ang mga pangungusap sa bahaging ito ay mga **halimbawa** ng mga klaseng pangungusap na maaaring ipabasa nang malakas o ipasulat sa inyo ng opisyal ng INS sa interbiyu .

Mangyaring tandaan ninyo ang mga **halimbawa lamang** tanong at pangungusap sa "guide" na ito. Maaaring hilingin ng opisyal ng INS na mag-interbiyu sa inyo na sagutin ninyo ang mga ibang tanong o na kayo ay magbasa o magsulat ng mga ibang pangungusap.

# Sample ng mga Tanong sa Civics

1. Ano ang mga kulay ng ating bandila?
   **Pula, puti, at asul**

2. Ano ang kahulugan ng mga bituin sa bandila?
   **Para sa bawa't isang estado**

3. Ilang bituin ang nasa ating bandila?
   **50**

4. Ano ang kulay ng mga bituin sa ating bandila?
   **Puti**

5. Ilang guhit ang nasa bandila?
   **13**

6. Ano sagisag ng mga guhit sa bandila?
   **Ang unang 13 estado**

7. Ano ang kulay ng mga guhit sa bandila?
   **Pula at puti**

8. Ilang estado ang bumubuo ng Unyon (ang Estados Unidos)?
   **50**

9. Ano ang pinagdiriwang natin sa ika-apat ng Hulyo?
   **Araw ng Kalayaan**

10. Ang Araw ng Kalayaan ay pinagdiriwang ang ating kalayaan mula kanino?
    **Inglatera**

11. Anong bansa ang nilabanan natin noong Digmaan ng Rebolusyon?
    **Inglatera**

12. Sino ang unang Presidente ng Estados Unidos?
    **Si George Washington**

13. Sino ang Presidente ng Estados Unidos sa kasalukuyan?
    **Si George W. Bush***

14. Sino ang Bise Presidente ng Estados Unidos sa kasalukuyan ?
    **Si Dick Cheney***

15. Sino ang naghahalal sa Presidente ng Estados Unidos?
    **Ang Electoral College**

16. Sino ang magiging Presidente natin kapag namatay ang Presidente?
    **Ang Bise Presidente**

17. Ano ang Saligang Batas?
    **Ang kataas-taasang batas ng bansa**

18. Ano ang tawag sa mga pagbabago sa Saligang Batas?
    **Mga Susog**

19. Ilang mga pagbabago, o mga susog ang nasa Saligang Batas?
    **27***

20. Ano ang tatlong sangay ng ating Gobyerno?
    **Tagapagpaganap, Panghukuman, at Batasan**

21. Ano ang sangay na pambatasan ng ating Gobyerno?
    **Ang Kongreso**

22. Ano ang bumubuo sa Kongreso?
    **Ang Senado at ang Kapulungan ng mga Kinatawan**

23. Sino ang gumagawa ng mga batas pederal sa Estados Unidos?
    **Ang Kongreso**

24. Sino ang naghahalal sa Kongreso?
    **Ang mga mamamayan ng Estados Unidos**

25. Ilang Senador ang nasa Kongreso?
    **100**

26. Gaano katagal sa katungkulan ang bawa't Senador na inihalal?
    **6 na taon**

*Maiiba ang sagot sa mga tanong na may markang asterisks. Bigyan ito ng pansin.

27. Sabihin kung sino ang dalawang Senador sa Inyong estado.*

28. Ilang miyembro ang maaaring bumoto sa Kapulungan ng mga Kinatawan?
**435**

29. Gaano katagal sa katungkulan ang inihalal na mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan?
**2 taon**

30. Sino ang pinuno ng Sangay na Tagapagpaganap ng ating Gobyerno?
**Ang Presidente**

31. Gaano katagal sa katungkulan ang inihalal na Presidente?
**4 na taon**

32. Ano ang pinakamataas na bahagi ng Sangay Panghukuman ng ating Gobyerno?
**Ang Korte Suprema**

33. Ano ang mga tungkulin ng Korte Suprema?
**Linawin at ipaliwanag ang mga batas**

34. Ano ang kataas-taasang batas ng Estados Unidos?
**Ang Saligang Batas**

35. Ano ang Bill of Rights?
**Ang unang 10 susog sa Saligang Batas**

36. Ano ang kapitolyo ng estadong inyong tinitirahan?*

37. Sino ang kasalukuyang Gobernador ng estadong inyong tinitirahan?*

38. Sino ang magiging Presidente kung parehong namatay ang Presidente at Bise Presidente?
**Ang Speaker ng Kapulungan ng mga Kinatawan**

39. Sino ang Punong Mahistrado ng Korte Suprema?
**Si William Rehnquist***

40. Ano ang 13 orihinal na estado?
**Virginia, Massachusetts, Maryland, Rhode Island, Connecticut, New Hampshire, North Carolina, South Carolina, New York, New Jersey, Pennsylvania, Delaware, at Georgia**

41. Sino ang nagsabi ng, "Give me liberty or give me death?"
**Si Patrick Henry**

42. Banggitin ang mga ilang bansa na naging kalaban natin noong Pangalawang Digmaang Pangdaigdig.
**Alemanya, Italia, at Hapon**

43. Ano ang pang-49 na estado na nadagdag sa ating Unyon (ang Estados Unidos)?
**Ang Alaska**

44. Ilang beses puwedeng manungkulan ang Presidente?
**2**

45. Sino si Martin Luther King Jr.?
**Namuno siya para sa karapatang pangmamamayan**

46. Ano ang ilan sa mga kinakailangan para maging Presidente?
**Ang mga kandidato sa pagka-Presidente ay dapat na:**
- **isang likas na mamamayan, ipinanganak sa U.S.**
- **hindi bababa ang edad sa 35 taong gulang,**
- **nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kukulangin sa 14 taon.**

47. Bakit may 100 Senador sa Senado ng Estados Unidos?
**Ang bawa't estado ay naghahalal ng dalawa**

48. Sino ang humihirang ng mga mahistrado para sa Korte Suprema?
**Ang Presidente**

49. Ilang mahistrado ang nasa Korte Suprema?
**9**

50. Bakit nagpunta sa Amerika ang mga Pilgrim?
**Para sila magkaroon ng kalayaan sa pananampalataya**

51. Ano ang tawag sa punong tagapagpaganap ng gobyerno ng estado?
**Gobernador**

52. Ano ang tawag sa punong tagapagpaganap ng gobyerno ng lungsod ?
**Alkalde**

# Sample ng mga Tanong sa Civics

53. Anong pista opisyal ang unang pinagdiwang ng mga kolonista ng America ?
**Thanksgiving**

54. Sino ang pangunahing tagasulat ng Declaration of Independence ?
**Si Thomas Jefferson**

55. Kailan pinagtibay ang Declaration of Independence ?
**Ika-apat ng Hulyo 1776**

56. Ano ang mga ilan sa batayang simulain ng Declaration of Independence ?
**Na ang lahat ng tao ay nilikhang pantay-pantay at may karapatang mabuhay, maging malaya, at lumigaya**

57. Ano ang pambansang awit ng Estados Unidos ?
**Ang Star-Spangled Banner**

58. Sino ang sumulat ng Star-Spangled Banner ?
**Si Francis Scott Key**

59. Ano ang pinakamababang gulang para makaboto ?
**18**

60. Sino ang pumipirma sa mga panukalang batas para maging batas ?
**Ang Presidente**

61. Ano ang pinakamataas na hukuman sa Estados Unidos ?
**Ang Korte Suprema**

62. Sino ang Presidente noong panahon ng Civil War ?
**Si Abraham Lincoln**

63. Ano ang nagawa ng Emancipation Proclamation ?
**Pinalaya nito ang mga alipin**

64. Anong espesyal na grupo ang nagpapayo sa Presidente ?
**Ang Gabinete**

65. Sinong Presidente ang tinatawag na "Ama ng ating Bansa"
**Si George Washington**

66. Sinong Presidente ang naging unang Punong Kumandante ng U.S. Army at U.S. Navy?
**Si George Washington**

67. Ano ang ikalimampung estado na nadagdag sa ating Unyon (ng Estados Unidos) ?
**Ang Hawaii**

68. Sino ang mga tumulong sa mga Pilgrim sa Amerika ?
**Ang mga Amerikanong Indyan/Katutubong Amerikano**

69. Ano ang pangalan ng barko na nagdala sa mga Pilgrim sa America ?
**Ang Mayflower**

70. Ano ang tawag sa orihinal na 13 estado ng Estados Unidos bago naging mga estado ang mga ito?
**Colonies**

71. Anong grupo ang may kapangyarihang magbabala ng gera?
**Ang Kongreso**

72. Banggitin ang mga susog na naggagarantiya o tumutukoy sa karapatang makaboto.
**Ika 15, ika 19, at ika 24**

73. Anong taon sinulat ang Saligang Batas?
**1787**

74. Ano ang tawag sa unang 10 susog sa Saligang Batas ?
**Ang Bill of Rights**

75. Kaninong mga karapatan ang ginagarantiya ng Saligang Batas at ng Bill of Rights?
**Lahat ng taong naninirahan sa Estados Unidos**

76. Ano ang tawag sa pambungad ng Saligang Batas?
**Ang Preamble**

77. Anong grupo ang nagpupulong sa gusali ng U.S. Capitol?
**Ang Kongreso**

78. Ano ang tawag sa opisyal na tirahan ng Presidente?
**Ang White House**

79. Nasaan ang White House?
**Nasa Washington, D.C.**

80. Magbigay ng isang karapatan o kalayaan na ginagarantiya ng unang susog.
**Ang mga karapatan na malayang:**
**· magsalita,**
**· manampalataya,**
**· magtipon, at**
**· magpetisyon sa Gobyerno**

81. Sino ang Punong Komandante ng militar ng Estados Unidos?
**Ang Presidente**

82. Anong buwan natin hinahalal ang Presidente?
**Nobiyembre**

83. Anong buwan ginagawa ang inagurasyon ng bagong Presidente?
**Enero**

84. Ilang beses puwedeng ihalal muli ang isang Senador o Kongresista?
**Walang limitasyon**

85. Ano ang dalawang malaking partidong pampulitika sa Estados Unidos sa kasalukuyan?
**Ang Democratic at Republican**

86. Ano ang sangay na tagapagpaganap ng ating Gobyerno?
**Ang Presidente, ang Gabinete, ang mga kagawaran sa ilalim ng mga miyembro ng gabinete**

87. Saan nanggaling ang karapatang magsalita nang malaya ?
**Sa Bill of Rights**

88. Anung porma ng Immigration at Naturalization Service ang ginagamit sa pag-aplay para sa makapagpanaturalize para maging isang mamamayan ?
**Form N-400 (Application for Naturalization)**

89. Anong klase ang gobyerno ng Estados Unidos ?
**Isang Republika**

90. Banggitin ang isang layunin ng United Nations
**Para makapag-usap ang mga bansa at sikaping lutasin ang mga suliranin ng daigdig o magbigay ng tulong na pangkabuhayan sa maraming bansa**

91. Magbigay ng isang kapakinabangan ng pagiging isang mamamayan ng Estados Unidos.
**Para makapagtrabaho sa gobyerno pederal, makapaglakbay na gumagamit ng pasaporte ng Estados Unidos, o para makapagpetisiyon ng mga malapit na kamag-anak para makapunta at manirahan sa Estados Unidos.**

92. Puwede bang baguhin ang Saligang Batas ?
**Opo, puwede**

93. Ano ang pinakamahalagang karapatan na ibinibigay sa mga mamamayan ng Estados Unidos ?
**Ang karapatang makaboto**

94. Ano ang White House ?
**Ang opisyal na tirahan ng Presidente**

95. Ano ang United States Capitol ?
**Ang lugar na pinagpupulungan ng Kongreso**

96. Ilan ang sangay ng Gobyerno ng Estados Unidos ?
**3**

# Sample ng mga Tanong sa Civics para sa Matatandang Aplikante

Ang mga taong mas matanda pa sa 65 taong gulang na mga Permanent Resident at nanirahan sa Estados Unidos ng hindi kumukulang sa 20 taon ay may mga ibang kinakailangan para sa kanilang kaalaman tungkol sa kasaysayan at gobyerno ng Estados Unidos. Maaari rin silang mag-iksamen sa kanilang sariling wika para matanto ng kaalaman ng wikang Ingles.

1. Bakit natin ipinagdiriwang ang ikaapat ng Hulyo?
   **Dahil ito ay ang Araw ng Kalayaan**

2. Sino ang unang Presidente ng Estados Unidos?
   **Si George Washington**

3. Sino ang Presidente ng Estados Unidos sa kasalukuyan?
   **Si George W. Bush***

4. Ano ang Saligang Batas?
   **Ang kataas-taasang batas ng bansa**

5. Ano ang tawag sa unang 10 susog sa Saligang Batas?
   **Ang Bill of Rights**

6. Sino ang naghahalal sa Kongreso?
   **Ang mga mamamayan ng Estados Unidos**

7. Ilan ang mga Senador sa Kongreso?
   **100**

8. Gaano katagal sa katungkulan ang bawa't Senador na inihalal?
   **6 na taon**

9. Gaano katagal sa katungkulan ang bawa't inihalal na miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan?
   **2 taon**

10. Sino ang humihirang ng mga mahistrado para sa Korte Suprema?
    **Ang Presidente**

11. Ano ang tatlong sangay ng ating Pamahalaan?
    **Pambatasan, Tagapagpaganap, Panghukuman**

12. Ano ang pinakamataas na hukuman sa Estados Unidos?
    **Ang Korte Suprema**

13. Ano ang malaking ilog na dumadaloy sa Hilaga patungong Timog na naghihiwalay sa Estados Unidos?
    **Ang Mississippi River**

14. Ano ang pinaglalabanan noong Civil War?
    **Ang pang-aalipin at ang mga karapatan ng mga estado**

15. Ano sa kasalukuyan ang dalawang malaking partidong pampulitika sa Estados Unidos?
    **Ang Republican at Democratic**

16. Ilang estado ang bumubuo sa Estados Unidos?
    **50**

17. Ano ang kapitolyo ng Estados Unidos?
    **Ang Washington, D.C.**

18. Ano ang pinakabatang edad na maaaring makaboto sa Estados Unidos?
    **18**

* Maiiba ang sagot sa mga tanong na may markang asterisks. Bigyan ito ng pansin.

19. Sino si Martin Luther King Jr.?
**Namuno siya para sa karapatang pangmamamayan**

20. Anong bansa ang naunang nagpadala ng tao sa buwan?
**Ang Estados Unidos**

21. Ano ang kabisera ng inyong estado?

22. Ano ang tawag kapag ang Presidente ay tumangging pirmahan ang isang panukalang-batas para ito maging batas at ibalik ito sa Kongreso na kasama ang kanyang mga pagtutol?
**Veto**

23. Ano ang dalawang dagat na pumapaligid sa Estados Unidos?
**Ang mga dagat na Atlantic at Pacific**

24. Sino ang sikat na Amerikanong nag-imbento ng bombilya?
**Si Thomas Edison**

25. Ano ang pambansang awit ng Estados Unidos?
**Ang Star-Spangled Banner**